Tagalog
62-0707

# Jehovah Jireh, Ikatlong Bahagi

Jehovah-Jireh #3

07.07.1962
Grass Valley, California, USA

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

prayer card. Pagkat kung magkakagayon, dalhin ninyo ang prayer card sa pila. Kukunin ito ng mga usher. Sila ay ... dadaan at maipananalangin. Dahil naniniwala akong gagawa ang Diyos ng mga dakilang bagay bukas. Iyan ang pag-asa ko. Iyan ang dahilan kung bakit ako nananawagan sa altar, ginagawa ko ang lahat upang malugod Siya sa akin.

107 Ngayon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo, at lahat kayo'y nananalangin, sa isa't-isa . Ngayon, ang sabi ng Biblia, "Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga magsisisampalataya." Ngayon, manalangin kayo para sa lalaki o babae na napapatungan ng kamay ninyo, sapagkat ipinananalangin din nila kayo. Kita n'yo, huwag ninyong ipapanalangin ang sarili ninyo; ipanalangin ninyo sila. Magpatungan kayo ng kamay at manalangin. Ipatong tang ninyo ang kamay ninyo Ganiyan nga. Ngayon, manalangin kayo kung paano kayong nananalangin sa inyong iglesia. Sabihin ninyo, "Panginoong Jesus, pagalingin Mo po ang minamahal kong abang kapatid na babaeng ito, ang abang kapatid na lalaking ito, sino man iyon. Maysakit sila, Panginoon. At a — ako'y isang mananampalataya. At susunod ako sa Iyong Salita, at ang sabi ng Salaita Mo, `Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kamay nila sa maysakit, magsisigaling sila.' At ipinapatong ko ang kamay ko sa maysakit, ang taong ito na maysakit, ang kapatid na lalaking ito na maysakit, ang kapatid na babaeng ito na maysakit. Dalangin ko, Diyos na patunayan Mo ang Iyong Salita, at susunod ang tanda at magsisigaling sila."

108 Panginoong Jesus, idinadalangin ko sila, at gayon din ang mga panyong ito, na sa Pangalan ni Jesus Cristong Anak ng Diyos, na pagalingin Mo nawa ang lahat ng taong nasa Makalangit na Presensiya.

Satanas, talunan ka na sa labanan. Nakita na nila ang Presensiya ni Cristo. Narinig na nila ang Salita Niya, nakita na nila ang pagpapamalas Nito. Naroon sa loob ang mga makasalanan, naghahangad ng kaligtasan. Talunan ka na sa labanan. Lisanin mo na ang mga taong ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Iwan mo sila at huwag mo na silang pahirapan pa, at hayaan mong ang Diyos ng Kalangitan, aang magbangon sa kanila s panibagong buhay at sa mabuting kalusugan at kalakasan. Nawa ang mga may hawak ng prayer card ay hindi na kailangang pumila pa bukas. Nawa ay bumuhos ang Espiritu Santo sa kalipunan ng mga taong ito at pagalingin ang bawat isa sa kanila para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ngayon, sige na, kapatid.

# Jehovah Jireh, Ikatlong Bahagi

1 Nagsasama-sama kami rito habang itinatagubilin namin ang sarili namin sa Iyo, ang pakikisama ng Iyong Salita, sapagkat Ikaw ang Salita. Riling namin sa Ngalan ni Jesus, mangusap Ka nawa sa mga puso. Amen.

2 Iniwan natin si Abraham kagabi sa Nagsimula tayo sa kaniya at dito

sa ika-22 kabanata ng Genesis kung saan ay inaalay niya ang kaniyang bugtong na anak, isang tipo ng pagkakaloob ng Diyos ng Kaniyang Anak. Doon tayo nagsimula, nagbalik tayo at muli natin siyang binalikan, ang buhay niya, at hindi pa tayo nakakaaalis doon. Iniwan natin siya kagabi doon sa ika-16 o ika-17 kabanata. Wari ko'y dito sa ika-15 kabanata natin siya iniwan. Sisikapin nating tapusin ito ngayong gabi, pagkat may Mensahe ako tungkol sa pagpapagaling ng Diyos, kung loloob in ng Panginoon, para bukas ng hapon. At ngayon, lahat ng pastor ay inaanyaayahan ko. Dalhin ninyo ang inyong kongregasyon, pumarito kayo at samahan ninyo silang tumayo rito para sa pananalangin.

3 Ngayon, nauunaw aan natin na kung minsan, si Jesus, kung gumawa Siya ng mga baga -bagay . . . At kung minsan ang paraan ng Kaniyang paggawa ay . Sasabihin mo, "Bakit Niya ipinahihintulot na mangyari ang mga bagay na ito?" Kung minsan ay nangyayari ito upang subukin ang ating pananampalataya. kadalasan. Tayo, at . . . Kakatwa Siya kung gumawa. Bakit hindi na lang kaya Niya lantarang sabihin, "Ako ay ganito, at Ako ay ganiyan?" Hindi Niya iyon ginawa, unang-una. Kita n'yo? Ginagawa Niya ito upang subukin ang inyong pananampalataya.

Tingnan n'yo, inakala ng mga saserdote na darating Siya upang makipagusap kay Caifas, ang punong saserdote. Ngunit paano nga ba Siya ipinanganak? Sa isang sabsaban, at lubusan Siyang itinakwil ng Kaniyang Sariling bayan at ng mga denominasyon ng kaniyang panahon.

4 Ngayon, makikita nating minsan ay nangusap si Jesus, na parang .. . Masdan n'yo ang isang maikling siping nais kong sipi in. Maraming taong nakapaligid kay Jesus, at tila baga sobra ang dami nila. Kaya't masdan n'yo kung ano'ng sinabi Niya, "Malibang kainin n'yo ang laman ng Anak ng tao, wala kayong buhay." Ngayon, ano kaya sa palagay ninyo ang maiisip ng isang duktor, o ng sinumang taong intelektuwal, kapag nabalitaan nila, ang isang taong balitang anak sa labas, at mistulang rebelde laban sa mga tao ng panahong iyon, at pagkatapos ay magbibitaw Siya ng ganoong pananalita? "Malibang kainin n'yo ang Aking laman at inumin ninyo ang Aking Dugo ..." Aba, sasabihin nila, "Ang lalaking iyon ay isang bampira. Aba, naku, inumin daw ang dugo ng isang tao at kainin daw ang kaniyang laman? Sa kongregasyong ito, layuan

ninyo ang baliw na iyan." Hindi kasi Niya ipinaliwanag. Hindi Niya ipinaliwanag. Hindi Niya kailangang ipaliwanag. Tama. Gusto tang Niyang malaman kung anong uri ng pananampalataya ang nasa kanila. Kita n'yo?

5 Kayo, kung sumasampalataya kayo, sasampalataya kayo, kahit ano pa ang sabihin ng iba. Kung ipananalanain ko ana limang libong tao ngayong gabi at lahat sila'y mangamatay ngayong gabi, kinabukasan ay mananalangin pa rin ako sa maysakit. Kita n'yo? Ang mahalaaa ay kung ano ang sinabi ng Diyos. Hindi kung ano ang ginagawa na mga tao. Kita n'yo? At ang Diyos, si — sinabi Niya, "Malibang kainin n'yo ang laman ng Anak ng tao at inumin ninyo ang Kaniyang Dugo, wala kayong buha.." Naku, ang mga taong iyon — ang intelektuwal na lupong iyon, aba — aba. ang sabi nila, "Layuan ninyo ang Lalaking iyan. Sira ang ulo niyan. Isa Siv arlg mabangis na tao. Aba, isa siyang bampira na nangangain ng laman ng tao.- Ngayon, hindi Niya iyon ipinaliwanag.

6 Ngayon, may kasama Siyang pitumpung naordinahang mga mangangaral. Naisip Niyang napakaraming tao sa paligid Niya, kaya't ang — iniv, an Siva ng karamihang iyon. Kaya't naroo't nakaupo ang mga naordinahang mga ministro; Sinugo Niya sila, pitumpu sila. Ang sabi Niya, "Ano kaya ang masasabi ninyo kapag nakita ninyong umaakyat ang Anak ng tao sa Kalangitan, kung saan Siya nagmula?" Ngayon, hindi Niya iyon ipinaliwanag.

Ang sabi ng mga mangangaral, "Ang lalaking ito ba ang papanhik sa Langit kung saan siya nagmula? Aba, kilala namin siya. Kilala namin ang kaniyang ina. Gating na kami sa sabsaban kung saan siya isinilang. Nakita namin ang duyang pinag-uguyan sa kaniya. Nakasama namin siya sa pangingisda. Kasama namin Siyang nahihiga rito sa pangpang. At ang Anak ng taong ito ay aakyat sa Kaniyang pinagmulan?' Sa Betlehem siya nagmula. Saan ang sinasabi niyang aakyatan niya? Kalabisan na iyon para sa amin." At nilayuan nila Siya.

Hindi Niya iyon ipinaliwanag. Hindi Niya... Hindi Niya kailangang magpaliwanag ng anuman. Walang kailangang ipaliwanag ang Diyos. Diyos Siya. Basta't ginagawa lang Niya iyon, pagkat ipinangako Niya.

Pagkatapos ang Kaniyang Labingdalawa na tang ang natira. Nilingon Niya sila at ang sabi, "Pinili Ko kayong labingdalawa at ang isa sa inyo ay diablo." Ang sabi Niya, "Nais din ba ninyong magsialis?"

At ipinangusap ni Pedro ang mga dakilang pananalitang iyon, "Saan kami tutungo, Panginoon, sapagkat tiyak naming nasa Iyo ang Salita ng Buhay." Nakita nilang maliwanag iyong nabindika. Kahit ano pa ang sabihin ng pari,



ginagawa ko (Kita n'yo?) na ngayon ako nananawagan dito sa altar kung kailan ay kumbinsido na ang mga tao. Daan-daan ngayon ang naroon sa loob upang tumanggap sa Espiritu Santo. Marami rin ang pumasok doon upang samahan silang manalangin.

105 Ngayon, kung mayroon pang iba rito, nang sa gayon ay ... Sasabihin ko ito, na nakita na ninyo ang Presensiya ni Cristo sa linggong ito bin ibindikang naririto nga Siva. Nakita na ninyo Siya. At ngayon, alalahanin ninyo, na wala akong sasaauting dugo sa araw na iyon, kahit pa bukas mangyari. Mangyayari iyon isa sa mga araw na ito. Alalahanin lang ninyo na tatayo tayo roon.

Ngayon. kung, hindi ka lubusang nakatitiyak na nasa iyo na nga.si Cristo, ang Espiritu Santo sa puso mo, at binibindika Niya ang Sarili Niya roon sa pamamagitan ng pag-ibig, at kapayapaan, at kagalakan, at mga bunga ng Espiritu Santo, at ang Buhay ni Cristo na nabubuhay sa katauhan ninyo — kung gayon ay tandaan ninyo, wala na sa kamay ko ang dugo ninyo. Hindi na rin Niya kasalanan. sapagkat nagpakita na Siya sa inyo, at ipinakita na Niya ang, Sarili Niya rito, tugmang-tugma sa Kasulatan. Ilan ba ang sasaksi dito sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay at pagsasabing, "Nasaksihan ko ito sa linggong ito"? Tama. Kung gayon ay wala na kaming pagkukulang, wala na tayong maaaring idahi tan."

Ngayon, may roon pa ba — isa pa na nagnanais lumapit, upang masabi ko, na kapag oras na ng pag-alis ko rito bukas, kung loloobin ng Panginoon, maaari kong sabihin na hindi ko na sagot ang lahat ng dugo sa revival na iyon. Ginawa ko ang abot ng aking makakaya, Panginoon. Itinatagubilin ko ito sa Iyo. Ngayon, inyo lamang . . . bawat isa.

106 Ngayon, ilan ba rito ngayon ang maysakit at nangangailangan, at nais n'yong maipanalangin kayo? Tingnan ko nga kung ilan ang magtataas ng kamay. Mabuti. Napakarami sa lahat ng dako ng gusali. Ngayon, hihilingan ko kayo na gumaw a ng isang bagay para sa akin, Ngayon, mga mananampalataya ba kayo? Ngayon, nais kong gawin n'yo ito para sa akin. Magpatungan kayo ng kamay. At ngayon, masdan n'yo, nais kong manalangin kayo. Manalangin lang kayo.

Ngayon, alalahanin. Lahat ng taong magsisilapit sa hanay ng panalangin bukas ay kailangang pumarito nang maaga at kumuha ng prayer card. Hawakan ninyo ito pag oras na ng pila. Kung mayroon kayong mahal sa buhay, kayong mga kapatirang Metodista, mga Baptist, Presbyterian, sino man kayo, kung mayroon kayong mga kamag-anak na maysakit na nais ninyong Samahan ninyo sila. Samahan ninyo sila sa pi la. Pumarito kayo at kumuha kayo ng

102 Mga ministro, naririto ba kayo? Mga mangangaral, mga karaniwang mananampalataya na interesado, at nagmamas id, tinutulungan nila ang mga tao na matanggap nila ang Espiritu Santo. Iyan ang katungkulan ninyo; samahan ninyo sila. Samahan ninyo ang mga kasamahan ninyo. Sa inyo na mga kalalakihang sanay dito, may karanasan kayo sa Espiritu Santo, sa mga kababaihang sanay na nakakaalam kung ano'ng kahulugan nito, samahan niyo ang mga kapatirang babaeng naroroon sa likuran. Sa inyo na nakaaalam kung ano'ng gagawin, samahan na ninyo sila doon sa likuran. Ngayon na ang oral ninyo. Ito na ang inyong panunungkulan. Ito na ang panawagan sa inyo, upang humayo. Pagpalain kayo ng Diyos. Tama. Kunin ninyo ang lugar ninyo, at samahan niyo sila roon, at manatili kayo roon at tiyakin ninyo na — na tama ang pagsasagawa nito. Manatili kayo roon hanggang sa makita ninyo ang pagiging magiliw ni Cristo sa bawat isa sa kanila. Kikilalanin ka ng Diyos dahil diyan. Amen at amen.

103 Oh, gustung-gusto ko iyan. Tingnan lang ninyo kung gaano karami ang pumasok doon. Mayroon pa bang isa rito na hindi pa nakakapasok? Kung mayroon pa, nais mo bang tumayo at sundae ang mga personal na manggagawang ito papasok doon? Gawin ninyo, maaari ba? Kung mayroon mang isa rito na — na wala ka sa dapat mong kalagyan . .

Ngayon, alalahan in, brother, sister, hin — hindi ko kayang pangyarihin ito. Kita n'yo? Ang Diyos ang gumagawa ng mga bagay na ito, hindi ako. Ngayon, dalangin ko na itulot nawa ng Diyos ang mga bagay na ito sa iyo, at bigyan ka ng karanasan ng bautismo ng Espiritu Santo. Lahat sa inyo na umiibig sa Panginoong Jesus, at nais pumasok doon upang manalangin, magsibalik na kayo roon ngayon at samahan ninyo sa pananalangin ang mga taong ito, maaari ba? Salamat. Maraming salamat po.

104 Alam ninyo, kapag nakakakita ako ng mga personal na manggagawa na sumasama sa mga tao, mayroon akong . Nais kong sabih in ito tungkol sa mga taong naririto. Pinatutunayan niyan kung ano ang nasa inyo. Kita n'yo? Galing na ako sa mga lugar, maging sa mga taong umano'y puspos ng Espiritu, at nakakita na ako ng mga pananawagan sa altar. At, aba, hindi mo mapakiusapan ang mga tao na samahang manalangin ang mga tao. Kita n'yo, nagpapakita iyan ng Ichabod. Lumayo na ang Espiritu ng Diyos. Kita n'yo? Ngunit kapag nakikita mo ang ganiyang kasiglahan, at ang apoy, at ang paghahangad — naghahangad sila para sa mga kaluluwa ng tao .. . Pansinin n'yo sa loob ng linggong nagdaan, sadyang binagalan ko, at pinagmasdan ko ang discernment at ang mga bagay na gaya nito, nang sa gayon ay masapo ito ng mgatao, at nang malaman nilang naririto ang Espiritu Santo, at saka ako mananawagan sa altar. Nauunawaan ba ng mga m in istro kung ano'ng



anuman ang sabihin ninuman, nalaman nila noon din na — nasa Kaniya ang Salita ng Buhay. Ang sabi, "Nasa Iyo ang Salita ng Buhay."

7 At ngayon, mapapansin natin, kahit ano pa ang gawin ng iba, kahit nagalisan sila, ang mga alagad na iyon ay nakatalaga na. Nakatalaga sila sa Buhay na Walang Hanggan. Hindi . . . Hindi ni la iyon kayang ipaliwanag. Hindi nila iyon kayang ipaliwanag gaya din ng iba, ngunit may kung anong bagay na nasa kanila. Ang — ang representasyong iyon sa Langit, ang kaisipan ng Diyos tungkol sa kanila bago pa itatag ang sanlibutan, ay naipamalas dito. At konektado sila sa Diyos, at tiyak nilang iyon nga ang nabindikang pangako ng Diyos. At walang makapagbabago nito sa kanila. Iyan ang tunay, totoong Cristianismo.

8 Sa araw na ito, ang mga tao ay katulad din ng mga tao noon nang ang mga alagad ay naroon sa karagatan. At isang gabi ay dumating ang isang unos. At wala roong . . . Wala na silang pag-asang makaligtas pa. At nakita ni la Siyang naglalakad sa ibabaw ng — ng — ng tubig. Ngayon, puno na ng tubig ang bangka nila. at sira na ang layag, at wala na ang mga katig nito. At nakakapit sila sa isa¯t-isa, nagsisigawan sila. At tumingin sila sa kalayuan at nakita nilang paparating Siya at naglalakad sa ibabaw ng tubig, at natakot sila sa Kanina: sa tanging pag-asa nila. At natakot sila sa bagay na siyang tanging makapagliligtas sa kanila. Kung hindi ba naman iyan ang tunay na larawan ng nanglavari sa araw na ito. Inisip nilang nakakatakot iyon. Alam n'yo, ang sabi Niya ... nagsigawan sila sa takot na baka isa iyong espiritu. Kung titingnan ay parang masyado iyong — espirituwal.

Ganiyan din ang nanayayari sa araw na ito. Ngunit kung gagawin lang ninyo ang ginaNN a nila . . . Nang magsigawan sila, narinig nila ang tinig na iyon, "Huwag kayong matakot, Ako ito. Huwag kayong mangamba. Lakasan ninyo ang loob ninvo." At kung pagmamasdan lang ninyo ang Pangakong Salita para sa araw na ito, maririnig din ninyo ang tinig na iyon na nangungusap sa pamamagitan ng Salita. "Ako ito. Ipinangako Kong gagawin Ko ito sa mga huling araw. Huwag kayong matakot. Huwag kayong mangamba. Magtiwala kayo sa Akin, ang Anak ng Diyos (Siya na nga Iyon). Sampalatayanan n'yo ito ngayon."

9 Iniwan natin si Abraham sa Presensiya ni Elohim kagabi, kung saan ay sinubaybayan natin siva sa mga pangako. At ngayon, ang huling pangako, bago dumating ang anal:, makikita nating may dumating na Lalaki, nakadamit siyang gaya ng isang tao, kumain siyang parang tao, nagsalita siyang parang tao; at tiningnan Siya ni Abraham at tinawag niya Siyang, Elohim. Nagpunta ang dalawa sa Sodoma upang mangaral doon, at itinulad natin ang pangyayaring iyon sa araw na ito. Naaalala ninyong lahat ang salaysay

kung saan tayo tumigil. Ganung-gano'n din. Ganung-gano'n din, kung paanong itinaya ni Jesus na magiging katulad ng naganap sa mga kaarawan ng Sodoma, ganitong ganito na rin ang kalagayan natin ngayong gabi. At kung . . .

10 Kanina ay nakaupo ako roon, at nag-iisip ako, at naisip ko ang tungkol dito. Nakarinig silang muli ng pagyanig ng isa pang lindol doon sa ibaba, at ang sabi nila . . . Muli na namang nayanig ang mga lalawigan . . . At naisip ko, "Ano ito? Biyernes Santo nang mangyari iyon. Alam n'yo, labingsiyam na raang taon na ang nakalilipas noong nakaraang Biyernes Santo, itinakwil ng iglesia si Jesus Cristo, at muli na namang niyanig ng lindol ang mundo. At itinakwil ni la Siyang muli sa kapanahunang Laodicea gaya ng sinabi ng Biblia: pinalabas na nila Siya.

Ang kilusang ekumenikal ng Konseho ng, mga Iglesia, ito na nga ang ginagawa nila. Isinantabi na nila ang lahat ng kanilang mga katuruang ebanghelikal pati na ang iba pang bagay. Paanong maglalakad ng magkasama ang dalawang tao malibang magkasundo sila? Buweno, hindi maaaring mangyari. Hindi iyan maaaring mangyari sa tunay at totoong mga Cristiano. Hinding-hindi ni la iyan tatanggapin. Hindi po. Ang isang isinilang na muling Cristiano ay hindi masisilo ng ganiyang patibong. Para iyang naglagay ka ng itik sa — sa loob ng isang hawla. Alam nilang patungo na siya sa katayan. Hindi mo siya maaaring itaboy papasok doon. Gayon din, ang isang, tunay na isinilang na muling Cristiano, lalayuan niya ang bagay na iyan.

11 Ngayon, nakatayo roon si Abraham at nakikipag-usap sa isang Lalaking nakatalikod sa kubol kung saan naroon si Sarah. At ang pangalan ni Abram — Abraham isa o dalawang araw pa lang ang nakalilipas ay Abram at Sarai, at iyon ay naging Sarah at Abraham. At tinawag Niya si Abraham sa kaniyang maka-ama, makasaserdoteng pangalan. "Abraham, nasaan si Sarah (prinsesa), na iyong asawa?"

Ang sabi niya, "Nasa loob siya ng kubol sa Iyong likuran."

Ang sabi Niya, "Dadalawin Kita ayon sa pangako, sa oras ng buhay."* Sa ibang salita, isang buwan pa. "At dadalawin kita gaya ng ipinangako Ko. Dalawampu't limang taon mo nang hinihintay ang ipinangakong anak na ito, hindi ka nag-aaalinlangan gawa ng kawalan ng pananampalataya sa Salita ng Diyos; bagkus ay naging malakas ka, nagpupuri sa Diyos." Masdan n'yo ito ngayon.

12 At si Sarah naman, na nasa loob noon ng kubol . . . Kung gagamit tayo ng sal itang kalye, palihim siyang napahagikgik. Aniya, "Sa tanda kong ito, siyamnapung taong gulang na ako at mag — magkakaroon pa raw ako ng



99 Makalangit na Ama, mga hiyas sila sa Iyong putong. Hindi sila makalalapit . . . Hindi sila makalalapit malibang may nagbigay ng babala sa kanila. At sinabi Mo, "Walang makalalapit malibang palapitin siya ng Ama, at lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit." At heto nga't nagsisilapit sila. dahil may kung among nagsasabi sa kanila na lumapit sila.

Kung gayon av nag-uumpisa Ka nang kumilos, Panginoon. Dalangin ko na tapusin Mo ito ngayong gabi sa kanila, Panginoon, sa pamamagitan ng pagtanggap Mo sa kanila bilang mga anak na lalaki't babae ng Diyos. Itulot Mo po ito. Naw a'y clang isa mang mapahamak sa kanila. Inihahandog ko sila sa Iyo ngayon bilang mga tropeo ng Iyong Salita at ng Iyong Presensiya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

100 Ngayon, magsipasok na kayo roon sa silid hanggang sa mapuntahan namin kayo. Pumarito kayo. Aakayin kayo ng mga usher pabalik. At ngayon — ngayon. iniisip ko kung makapaparito ang mga personal na manggagawa. sundan ninyo ang mga ito sa pagpasok nila, sa maraming mga personal na manggagawang galing sa ibang mga iglesia. Sa mga ministro, na nais sumama sa amin doon sa boob, upang malaman n'yo kung tama ba o hindi ang pagsasagaw a nito, halikayo, samahan ninyo kami. Halikayo at samahan ninyo sa pagluhod ang inyong mga kasamahan, at nang matanggap nila ang Espiritu Santo. Bawat isa, samahan ninyo ang . . . Kayong mga ministro, sino man sa inyo. Metodista, Baptist, Presbyterian, sino ka man, halika. Inaanya ahan kita. Halika't samahan mo ang mga taong ito.

At sa mga personal na manggagawang galing sa iba't-ibang iglesia na marunong tumulong, manalangin sa mga tao, patungan n'yo sila ng kamay, halina kayo. Ana, mga ito — ang mga ito ay inilalagak sa inyong mga kamay. Mga tropeo sila ng Salita. Ba't hindi kayo pumarito sa oras ding ito, ang inyong mga personal na manggagawa, at nang makabalik na kayo bago natin ibahin ang takbo ng gawain dito sumandali. Parito na. Pumunta na kayo rito. Mainam iyan. Magbalik na kayo sa boob ng silid, maluwag na maluwag doon. Ngayon, magsipunta na kayo roon at gawin n'yo ang lahat para matulungan ninyo ang mga minamahal na ito.

101 Ang mahal na si Jesus ang nagdala sa kanila. Napapasok Niya sila sa boob ng lambat ng Ebanghelyo. Ngayon, dalhin n'yo sila roon at samahan natin sila sa pananalangin upang puspusin ng Diyos ang bawat isa sa kanila ng Espiritu Santo. Ipinid ninyo ang mga pintuan, manatili kayo roon hanggang sa maganap ito. Ipinangako Niyang magaganap nga ito. At ipinangako Niya ito, at tutuparin Niya ang Kaniyang pangako. Tapat Siya sa Kaniyang pangako kung paanong naging tapat Siyang magpakita rito sa ating harapan. Panginoon, Pagpalain Mo po sila.

maligtas. Huwag Mong hayaang isa man sa kanila ay malihis, Panginoon. Inaangkin ko sila sa Pangalan ng Panginoong Jesus para sa — bilang mga hiyas sa putong ng aking Panginoon, oh, na ang Presensiya ay naririto ngayon, ang dakilang Haliging Apoy na kumikilos sa buong gusali, hinihipo ang aming mga puso. Dalangin ko, Diyos, na nawa'y makakawala ang mga pusong iyon sa pagkakagapos, at makabangon ang mga ito at buong giliw na magsilapit kay Jesus Cristo, sabihin nawa nila, "Panginoon, lahat ng nasa akin, narito ako. Kunin Mo ako at hubugin Mo ako, Panginoon, sa Iyong dakilang bahay-hulmahan, at puspusin Mo ako, at gawin Mo akong isang anak na lalaki o babae ng Diyos." Itulot Mo po ito, Panginoon.

97 Mangyari nawa ito habang umaawit tayo ng isa pang talata, maaari ba? Kung gayon ay kakailanganin na nating magtapos, kaagad, dahil kailangan naming maabot ang iba.

"Paniwala na sana," .. .

Halina kayo, lumapit na kayo ngayon din, hindi ba kayo lalapit? Pagpalain ka ng Diyos, honey. Sa mga bibig ng musmos ay tumatanggap Siya ng papuri.

Oh, "Paniwala na sana," huwag tatanggi;

Si Jesus .. .

Siya ang nag-aanyaya sa inyo, nangungusap sa puso ninyo. "Iniisip ko kung ako ba iyon?" Kung mayroon kang katiting mang pag-aalinlangan, halika.

. . . lumalapit na,

Puso'y umuusal ng panalangin; 0 kung naliligaw, lap it na.

98 Yumuko tayo ngayon habang naghahanda ang mga ito. Ngayon, tumayo kayo riyan, tumingin kayo sa ibaba. May kung ano sa kalooban mo na nagsasabing may maliit na bagay na mali sa buhay mo. Hinahangaan ko ang paninindigan mo. Alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus, "Kung ikahihiya mo Ako sa harap ng mga tao, ikahihiya rin Kita sa harap ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel. Ngunit ang magpapahayag sa Akin sa harap ng mga tao, ipahahayag Ko rin naman siya sa harap ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel."

At ngayon, medyo marami nang tao rito ngayon, na handa nang sumama sa ating pananalangin, upang kayo'y maligtas at mapuspos ng Espiritu Santo. Sabihin lang ninyo na ikinalulungkot ninyo ang nagawa ninyo, at magiging Cristiano na kayo mula ngayon sa biyaya Niya, at hangad ninyo ang bautismo ng Espiritu Santo na siyang mangunguna sa inyo sa paglalakbay ninyo sa buhay na ito.



kasiyahan sa aking panginoon, sa aking asawa?" Naroon siya at sandaang taong gulang na siya, hindi na nga kami nagsisiping bilang mag-asawa sa loob ng maraming taon.

At — at ang Lalaking nakatalikod sa kubol, ang sabi Niya, "Bakit kinukuwestiyon iyon ni Sarah, palihim siyang nangungusap ng mga bagay na ito sa kaniyang puso?" Kita n'yo? At kaya nakilala ni Abraham kung sino ang nangungusap sa kaniya. Si Elohim na nga iyon. Pinatunayan ng Kaniyang tanda kung ano ang sinasabi Niya. Ang sabi Niya, "Dadalawin kita." Aba, bakit gano'n ang salita Niya, "Kita"? Paano Niya nagawang tawagin siyang Abraham, samantalang Siya ang nagbigay sa kaniya ng pangalang iyon na isang sagisag, nang walang — walang taong naroroon, ipinakikita Niya kung ano talaga ang magaganap, ibinigay Niya sa kaniya ang Kaniyang nabindikang kapamahalaan, upang — ang ang pangakong salita, na ang Lalaking ito na nakikipag-usap sa kaniya ay ang Diyos, si Elohim.

13 Ngayon, makikita natin sa ika-4 na kabanata ng Hebreo at sa ika-4 na talata (gaya ng dalawang ul it ko nang sinipi nitong nakalipas na dalawang gabi), na sinabi ng Biblia na ang Salita ng Diyos ay nakakikilala ng mga kaisipan ng puso, ng mga lihim ng puso. At nang magawa ni Jesus ang tumingin sa kongregasyon at kilalanin ang kanilang mga kaisipan, at nagawa Niyang sabihin sa babaeng iyon kung ilan na ang naging asawa niya, nasabi Niya kay Natanael kung saan siya naroon, iyon ang bindikasyon na Siya nga ang Mesiyas, ang Diyos na Emmanuel, sapagkat Siya ang Salita.

Ganoon ang mga propeta noon. Itinuturing na mga diyos ang mga propeta. Nauunawaan ninyo iyan. Sinabi mismo iyan ni Jesus. Ang sabi Niya, "Paano ninyo nagagawang kundinahin Ako, samantalang tinatawag nga ninyong diyos ang mga taong dinadatnan ng Salita? At paano ninyo akong ikukundena kung sasabihin Kong Ako ang Anak ng Diyos? At kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag ninyo itong paniwalaan." Siya ang nabindikang Salita ng Diyos para sa kapanahunang iyon.

14 Ngayon, kung darating Siyang taglay ang tanda ni Moises, hindi iyon uubra. Kung darating si Moises taglay ang tanda ni Noe, hindi iyon ang hula para sa araw na iyon. At lahat ng mga klerong ito, pati na ang mga teolohiya, at paaralan ng pagkadalubhasa, at mga paaralan, at mga ministrong aral, at mabuti iyan. Wala tayong anumang laban diyan. Ngunit hindi iyan ang Mensahe ng oras na ito. Para iyon sa makulimlim na araw na iyon. Magkakaroon ng liwanag sa oras ng gabi. Ipinangako Niya ang mga bagay na ito. Paulit-ulit ko nang binasa ito sa Salita. "Kung paano nga noon," wika Niya, "ay magkakagayong mull." Maaari ko itong itali sa bawat Kasulatan sa Biblia, at maipapakita kong katotohanan nga ito.

15 Ngayon, nabindika ang mga pag-aangkin Niya nang magawa Niyang sabihin kung sino si Sarah — kung ano ang ginawa niya sa likuran Niya. Ngayon, pansinin n'yo, ipinangako Niyang maglilihi na siya sa susunod na buwan. "Ayon sa panahon ng buhay," ang sabi Niya. Ngayon, pansinin n'yo, ang landas ni Abraham ay katipo ngayon ng makaharing binhi. Napansin ba ninyo si Abraham, ang pangako ay sa kaniya at sa mga anak niyang susunod sa kaniya. At ang mga anak niya naman, una ay ang natural na binhi, pagkatapos ay ang makaharing Binhi naman, na walang iba kundi si Cristo. Ang unang binhi, na bunga ng sex, dumating si Isaac. Ngunit dumating si Jesus nang walang sex, ang makaharing Binhi.

16 Ngayon, ang dugo . . . Kita n'yo, naligtas tayo sa pamamagitan ng Dugo. At kung walang pagbububo ng Dugo ay walang kapatawaran. Pansinin n'yo, si Jesus ay hindi Judio; hindi rin naman Siya Hentil. Tingnan n'yo, ang lalaki ang pinagmumulan ng hemoglobin, na siyang selyula ng dugo. Ang binhi ay nasa selyula ng dugo.

Nabalitaan ko na kayo rito, marami sa inyo . . . Nagmamaneho ako nung isang araw at pinagmamasdan ko ang inyong mga — mga magsasaka, at may alaga kayong mga manok. Ngayon maaaring mangitlog ang inahing manok. Maaaring mangitlog ang inahing manok. Ngunit kung hindi ito nakasama ng tandang, hindi iyon mamimisa. Gayon man ay maaari siyang mangitlog, sapagkat ang itlog ay nasa – gating sa babae. Ngunit ang dugo ... At ang buhay ay nasa dugo.

17 Kaya nga, ang buhay Niya ay isang nil ikhang buhay, hindi nagmula ang binhi nito sa lalaki. At bukod dito, hindi naman talaga gating ang itlog kay Maria . . . dahil kung kay Maria nga ang itlog, gaya ng paniwala ng karamihan sa mga Protestante at pati nga ang mga Catolico, na umano ay kay Maria ang itlog . . . Ngayon, ang . . . Kay Maria umano ang itlog, kaya nga tao iyong maituturing. Hindi, kung ang selyula ng dugo ay Diyos, Diyos din naman ang itlog. Sapagkat hindi maaaring manggaling ang itlog kay Maria ang itlog na iyon doon sa . . . Alam n'yo, nauunawaan ninyo kung ano ang sinasabi ko. Hindi maaaring mangyari iyon nang walang sensasyon. Kaya nga kung – kung may sensasyon, ano'ng pinalalabas ninyong ginawa ng Diyos kung gayon? Lalabas na sex na naman iyon. Kita n'yo? Kaya't kapuwa ang itlog at ang Dugo ay Diyos. Amen.

At iyan ang . . . Paniwalaan ninyo iyan at magkakaroon kayo ng pananampalataya upang makalakad kayo nang pasulong. Hindi tayo iniligtas ng dugo ng Judio o ng dugo ng Hentil. Iniligtas tayo ng Dugo ng Diyos, Siya Mismo, isang mapanlikhang Selyula ng dugo.



lalapit, habang inaawit natin ang isa o dalawa pang talata ng awiting ito, upang matiyak kong malinis na nga ang kaluluwa ko. Kapag nilisan ko na ang bayang ito, hindi ko na sagot ang dugo . . .

95 Alam kong nakikipag-usap Siya sa iba. Ba't hindi ka lumapit? . . . halika na ngayon;

Pagpalain ka ng. Diyos, batang lalaki. Pagpalain kayong lahat ng Diyos, kayong mga nakatavo rito sa paligid.

. . . paniwala .

Tama. Halina. mu la sa lahat ng dako ng gusali, sa labas, sa loob, sa mga balkonahe, saan man. magsilapit kayo rito, dito mismo. Kunin n'yo ang lugar ninyo kay Cristo. Huwag ninyo siyang ikahihiya. Kung naghihingalo na kayo . . . Paano na kaya kung naramdaman mong pumapalya na ang puso mo ngayon? At alalahanin n'yo, ang Isang iyon na nangungusap sa iyo, hawak Niya ang puso mo sa Kaniyang kamay. Alam niya ang lihim ng iyong puso. Sinasabi ko ito sa Pangalan ng Panginoon. Marami pang nais dumulog. Ba't hindi kayo magsilapit? Sasabihin mo, "Ako ba iyon, Brother Branham?" Oo, ikaw nga. Kung hindi ka sigurado, huwag kang magbakasakal

. . . mahal;

"Paniwala na sana," anihan .. .

Tama. Halos ay patapos na ang anihan. Halina kayo.

-Pani- .. .

Isang araw, magiging hull na ang lahat. Huwag na kayong magpalipas ng isa pang oras, isa pang minuto, tayo na't pumarito ka na agad. Binata, dalhin mo rito ang kaibigan mong babae. Dalhin mo ang kaibingan mong lalaki. Nanay, dalhin mo si Tatay. Halina kayo, nagayon din, lahat kayo, dalaga, binata, sino ka man, maging sino ka man, matandang lalaki, matandang babae, halina kayo. Ito na iyon. Kung matanda ka na, alalahanin n'yo ang ipinakita ko sa inyo kanina lang sa Biblia. Magbabago ka, kung tatanggapin mo lang ang Binhi ni Abraham.

. . . mabibigo!

Napakalungkot sa piitan:

"Paniwala na sana, ngunit ligaw."

96 Magsiyuko tayo ngayon. Panginoong Jesus, O Diyos, saliksikin Mo po ang bawat puso, saliksikin Mo ang bawat isa, dakilang Espiritu Santo. O Diyos, huwag nawang mawalan ito ng kabuluhan kahit man lang para sa iisang taong naririto ngayon. Nawa ang bawat isa, ang bawat isa, Panginoon ay

Pumunta na kaagad kayo rito sa — sa gawing ito. Tama 'yan. Pagpalain ka ng Diyos.

92 Ngayon, sa lahat ng ibang naririto ngayon, habang nagsisilabas sila, bakit hindi kayo lumapit ditong muli ngayon para kayo maipanalangin. At muli nating pupunuin ang lugar na ito rito. Ngayon, papasok tayo roon upang tanggapin ang bautismo ng Espiritu Santo. Papasok tayo, pagkatapos nating makita ang pagpapakilala ng Panginoong Jesus dito sa ating harapan sa linggong ito, at nang matiyak natin nang walang kaunti mang bahid ng alinlangan na Siya nga itong naririto ngayon. Ngayon, alalahanin n'yo, ang siya ring Espiritu Santo, at ang siya ring Jesus na makapagsasabi sa akin kung ano'ng problema ng mga taong iyon, kung nasaan sila, kung sino sila, kung saan sila nanggaling, kung ano'ng mangyayari sa kanila . . . At alam n'yo, hindi pa ito nabibigo kahit minsan. At hinding—hindi ito mabibigo. Ang Espiritu Santong iyon din ang nag-utos sa akin upang gawin ko ito. Tama. Ginagawa ko ito na pamamagitan ng pangunguna ng Espiritu Santo.

93 Ngayon, habang itong . . . paglabas na paglabas ng grupong ito sa kabilang silid na ito, bago tayo magpunta roon, nais naming dumulog kayo. Ngayon, kayo rito, halikayo. Pumarito kayo sa gawing ito 9 Pagpalain ka ng Diyos, binata.

At kung mayroong maysakit sa inyo, at kung mayroong hindi pa napupuspos ng Espiritu Santo, ba't di kayo pumarito, tanggapin n'yo si Cristo? Tanggapin n'yo Siya at iigi ang katayuan ninyo sa gabing ito. Ang babaeng ito ay tinamaan pa tang ng . . . Hindi niya magawang ... matindi ang kombiksiyon niya na halos ay hindi na niya makayanan. Inaakay nila siya papasok sa silid. Halina kayo, ikaw, ang katabi mo, maluwag na ngayon dito at makatatayo na kayo rito.

94 Halikayo, kayong mga miyembro ng iglesia, mga Metodista, Baptist. Hindi namin hinihingi sa inyo na Makinig kayo, mga kaibigan, alam kong sinasabi nila, "Ang Pentecostes, ginawa na nilang isang organisasyon ang Pentecostes." Mali iyan. Ang Pentecostes ay isang karanasan. Nararanasan din ito ng mga Metodista; nararanasan din ito ng mga Baptist; lahat sila'y nakakaranas nito. Hindi organisado ang Pentecostes; isa itong karanasan. At kung hindi mo pa nararanasan ang Pentecostes, halika, tanggapin mo ito ngayon.

Alalahanin n'yo, kung naniniwala kayong ako'y lingkod Niya, propeta Niya, alalahanin n'yo, mayroong tunay na bautismo ng Espiritu Santo. Sa gitna ng lahat ng panatisismo, mayroon pa ring tunay na Espiritu Santo, isang Tunay na Espiritu ng Diyos. Halika, sampalatayanan mo ito ngayon din. Hindi ka ba



18 Tulad ng sinabi ko . . . Kunin ninyo ang mga inahing manok na ito. Malapit na ang tagsibol. Napansin ko nung isang araw kung paanong nagiipon na si la ng dayami at nagpupunta sila roon sa itaas at nagsisigawa sila ng pugad. Ngayon, maaari siyang pumanhik doon at mamugad, at mangitlog at mapuno ng itlog ang pugad, at upuan ang mga iyon, at limliman ang mga iyon, at magpakatapat siya sa mga itlog na iyon, hanggang sa siya – mangh ihina siya nang husto at hindi na niya magawang iwan ang pugad na iyon para siya makakuha ng makakain. Ngunit kung hindi niya nakasama ang tandang, hindi mapipisa ang mga iyon. Hindi kasi nabinhian ang ma iyon. Alam n'yo iyan. Mabubugok tang ang mga iyon sa pugad.

Ganiyan ang ilan sa mga iglesia natin. Ang nasa atin ay isang pugad na puno ng bugok na itlog. Hindi nila taglay ang pananampalataya ni Abraham. Oras na upang linisin ang pugad at magsimulang muli. Makipagniig hindi sa kung anong organisasyon, kung anong seminaryo ng teolohiya, kundi makipagniig sa Lalaki, si Cristo Jesus, na Siyang naghahatid ng pagkakaroon ng binhi sa Espiritu ng buhay na nasa inyo. Siya ang nagbubunsod sa iyo upang paniwalaan ito.

19 Linisin n'yo ang pugad at magsimula kayong muli. Tinatapik n'yo sila sa likod, at tinatanggap n'yo sila, at ginagawa ninyo silang mga diyakuno — at apat o limang beses na silang ikinasal at lahat. Ano na nga ba ang kahihinatnan natin? Ipinadadala natin sila sa mga seminaryo at tinuturukan natin sila ng gamot na pang-embalsamo, at saka si la pababalikin at .. .

Dito nung isang araw, sa isang ginawang pagtataya, naipakitang siyamnapu't siyam na porsiyento ng mga mangangaral na Protestante sa buong mundo ay hindi naniniwala sa literal na pagdating ni Cristo. Walumpu't pitong porsiyento ang hindi naniniwala'sa birheng kapanganakan. Isipin n'yo iyan. Ano pa kaya ang haharapin ng ating mga anak sa kalaunan? Diyos, ibalik Mo po sa amin ang pananampalatayang minsang ipinagkaloob sa mga banal.

20 Si Abraham . . . Masdan n'yo ang kaniyang landasin sa kaniyang pagpanhik. Katipong katipo niya ang iglesia. Lahat ng ginawa ni Abraham ay . . . Sinubavbayan natin ang iglesia. Kung maaari sana tayong tumigil dito ng isa o dalawang linggo, maaari kong unti-unting ipakita sa inyo, na katulad din ito ng landasing tinahak ng iglesia. Ang huling tanda ay ang Diyos, ang naipangakong Salita, nangungusap sa kaniya sa katawang tao: ang huling pangako bago wasakin ang daigdig ng mga Hentil, walang iba kundi ang Sodoma at Gomorra.

Ngayon, mag-isip kayo. Si Abraham noon ay may . . . nagpakita ang Diyos sa kaniya sa iba't-ibang sagisag, at sa anyo ng mga Liwanag, at mga anyo, at mga

tanda. Ngunit hindi pa nangyaring nagpakita Siya sa kaniya bilang tao. At alalahanin ninyo, ang pangako ay ngayon lang napipintong matupad. Ang Susunugin ang Sodoma. Narito na ang huling Mensahe. At hayun ang iglesiang normal, ang iglesiang makadenominasyon pala. Hayun — hayun na ang makabagong Billy Graham, naroon siya sa loob upang pilitin silang ilabas.

21 May iglesiang hinirang, wala ito sa Sodoma, tinawag itong palabas, ibinukod. Mayroon silang mensahero. Pansinin n'yo, ang pangkat ni Abraham ang nakatanggap ng Mensahe. At ngayon, ano nga ba iyon? Ang Diyos, na noo'y nakikipag-usap sa kaniya sa mga sagisag, at sa iba't ibang anyo, at lahat na, ay biglang dumating. At ngayon ay ipinamamalas Niya ang Kaniyang Sarili sa Katawang tao, at nakilala Niya ang mga kaisipang nasa puso ni Sarah na noon ay nasa likuran Niya. At ayon kay Abraham, "Siya si Elohim, ang Tsang nakasasapat sa lahat." Alalahanin, pagkatapos na pagkatapos niyon ay nasunog ang Sodoma.

22 Isipin n'yo. Maaaring nasa iglesia na ngayon ang huling tanda, mga kaibigan. Kita n'yo. tayo'y . . . Nagsisigaw na kayo, nagkaroon na kayo ng pag-aaring ganap sa pamamagitan ni Luther, pagpapabanal sa pamamagitan ni Wesley, mga dakilang pagkakataon, sigawan, pagbubunyi, pagsasalita ng wika, pagpapaliwanag ng wika, kagalingang mula sa Diyos. Ngunit nasaan na ba tayo ngayon? Nangungusap ang Diyos sa ating kalagitnaan, sa pamamagitan natin ay naririnig Siya, katulad na katulad ng ginawa Niya roon.

At ipinangako Niyang gagawin Niya ito; iyon ang mahalaga. Hindi ito isang bagay na ginawa-gawa lang natin. Sinabi ito ng Biblia. Sinabi ni Jesus na gagawin Niya ito, ipakikilala Niyang mull ang Sarili Niya. Pansin in n'yo. At pagkatapos na pagkatapos nito, nakiusap si Abraham para kay Lot. Ang sabi Niya, kung makakasumpong Siya roon ng sampung tao, ay hindi Niya iyon wawasakin, ngunit hindi Siya nakasumpong ng kahit sampu. Ang mga mensaherong nanaog doon, tinanggihan ni la ang mga mensahero.

23 Tulad ng paalmusal ni Billy Graham, noong nagpunta siya sa bayan namin, sa Louisville, Kentucky. Naroon ako sa agahan niya. Ang sabi niya, "Pagpunta ko sa isang bayan . .." Ang sabi niya . . . Itinaas niya ang Biblia. Isa siyang dakilang mananampalataya ng Biblia. Ang sabi niya, "Pupunta ako sa isang bayan, at magdaraos ako ng isang kampanya. Magkakaroon ako ng tatlumpung libong mga kombertido o mga taong nagdesisyon." Ang sabi niya, "Pagbalik ko makalipas ang an im na buwan, ni hindi ako makakita ng tatlumpu." At ang sabi niya, "Pag si Pablo noon ang nagpupunta sa isang bayan ay isa lang ang naaakay niya. At pagbalik niya sa susunod na taon, ang kombertidong iyon ay makakaakay ng marami, napakaraming mga



Ang. Buhay ba ni Cristo ay nasa iyo na? Huwag kang magbakasakali, kaibigan. Huwag, huwag, huwag mong gagawin iyan. Magiging . . . Kapag dumating sa iyo ang kamatayan, magiging huli na ang lahat. Huwag kang. magbabakasakali. Pakiusap, huwag.

89 Ngayon, napakarami nang tao rito ngayon, kailangan kong makakuha ng lugar para sa iba pa. Ipapanalangin ko ang mga ito, at pagkatapos — para makapasok tayo. papasok tayo sa silid na iyon, upang mapatungan natin sila ng kamay upang matanggap nila ang Espiritu Santo. At ipapanalangin natin ang mga ito n2a} on din. Magsiyuko kayo sumandali.

Ama naming nasa Langit, naririto ang mga taong nagsiyuko. Sila'y mga lalaki't babae: sila'y mga taong nakatakdang magtungo sa walang hanggan. Kailangan nilang umalis; alam namin ito. At nakakakita kami ng mga lindol, at ang sanlibutan ay nasa kasalukuyan nitong kalagayan, at nakikita naming dumarating. si Cristo sa amin at ginagawa Niya ang mga bagay na ginagawa Niya. at nakikita namin ang mensahe, ang Sal ita, sa paglabas nito. At pagkatapos a} nakikita naming pinagtitibay Niya ito at binibindikaNiyang katotohanan nga ito, nalalaman Niya ang lahat ng lihim ng puso. At ang mga taong ito ay nagsilapit dito upang manindigan. Hindi ni la ito magagawa kung si la lang. Dumulog sila dahil pinangunahan sila upang dumulog. At, Ama, naghahain ako ng panalangin para sa kanila, hindi lamang para sa kaligtasan nila, kundi upang mapuspos sila ng Espiritu Santo. Itulot Mo po, Panginoon.

90 Nawa ang bawat isang nakatayo rito ngayon ay mapuspos ng Espiritu, at nawa'y mula rito ay may maganap na revival sa buong lalawigang ito na yayanig sa komunidad na ito at sa karatig na lalawigan. Itulot Mo, Panginoon. At bawat iglesia, sa Metodista, Baptist, Presbyterian, Church of Christ, Lutheran, anuman iyon, may maganap nawang revival, Panginoon, sa mga taong ito na magsisibalik taglay ang tunay na Espiritu Santo na magpapamalas ng Diyos sa kanilang mga buhay. Itulot Mo po, Ama. Sa iyo na sila ngayon, at hinahandog ko sila sa Iyo. Ngayon, ipapasok namin sila at papatungan naming sila ng kamay, Panginoon, upang matanggap nila ang Espiritu Santo. Sa Ngalan ni Jesus.

91 Ngayon, habang lahat tayo'y nakayuko, hinihi ling ko sa grupong ito na sundan ang lalaking ito sa tabi ninyo, nang sa gayon ay ma — mapapasok naming kayo roon sa silid. May lugar kami rito kung saan maaari kayong lumuhod. Papatungan namin kayo ng kamay upang matanggap ninyo ang Espiritu Santo. At kung maysakit kayo, ay gumaling kayo, at anuman ang pangangailangan n'yo. Pumarito na kayo at lalapitan kaagad namin kayo. Marami pa ang nais sumama sa inyo, doon maya-maya . Wala nang puwang dito upang tayuan nila. Gagawin na natin ang dobleng panawagan ngayon.

Mga puso'y nananalangin;

0, sa naliligaw . . . (isang tunay na . . .)

87 Makinig ka, kaibigan, naniniwala ka bang ang Espiritu Santo sa linggong ito ay nagpatunay na nagsasalita Siya rito ngayon? Tingnan ko nga ang mga kamay n'yo. Dapat sana ay doble pa o kaya'y mas marami pa. Nadarama ko ang pakiramdam na iyan. Kita n'yo, hindi Siya . . . Mayroon pang mali. Makabubuting pumarito ka. Alalahanin n'yo, hindi ko kayo maaaring piliting lumapit nang labag sa kalooban ninyo, ngunit naniniwala akong maaaring ito na ang pinakahihintay mong pagkakataon, maaaring napipinto na itong maganap sa oras ding ito.

At maaaring ito na nga; sana naman ay hindi. Maaaring ito na ang huling panawagan sa iyo. Alalahanin n'yo, hindi Siya laging makikipagpunyagi. Mananawagan Siya, pagkatapos ay iiwan ka na Niya, hindi na Siya muling babalik pa. Bakit hindi ka lumapit sa oras ding ito? Ba't di ka lumapit dito at ikatawan mo ang sarili mo sa harapan ng Diyos? Sabihin mo, "Dudulog ako. Tatahakin ko ang daan. Hindi ako nahihiya. Kasapi ako sa iglesia. Ngunit nais kong malaman ng buong mundo na handa ko nang tanggapin si Cristo sa aking puso, ang Espiritu Santo. Dudulog ako upang gawin ito. Handa na akong magpakatuwid, maging isang tunay na Cristiano, isang tunay na babae, tunay na lalaki." Dudulog ka ba? Maghihintay lang tayo.

88 Magsilap it kayo rito; tama. Mula sa mga balkonahe at sa mga pasilyo, lumapit kayo rito. Manindigan kayo. Kaibigan, baka hindi na kita makitang muli sa gawing ito ng dakilang panahon. Ngunit kung sakaling hindi na nga tayo magkita, alalahanin n'yo, inosente na ako. Gayon din naman si Cristo.

Ipinakilala na Niya ang Sarili Niya sa inyo. Makikita ninyong gagawin Niya ang dati Niyang ginagawa sa loob lamang ng ilang saglit. Mabuti. Ngayon, pumarito kayo, manindigan kayo. "Aba," sasabihin mo, "Brother Branham, nanghuhusga ka." Hindi. Ang hinuhusgahan ko ay ang pakiramdam na nasa akin ngayon. Kita n'yo? Mayroong kung anong nasa kalooban ko na nagsasabing, "Oh, mayroon pang iba. Marami pang iba." Kita n'yo?

Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, su — sumapi na ako sa iglesia, Brother Branham. Pentecostal ako; hi — hindi ako . . ." Hindi iyan ang sinasabi ko, kaibigan. Hindi iyan ang tinatanong ko. Ang tanong ko ay, "Nariyan na ba sa iyo ang Buhay ni Cristo?"

Sasabihin mo. "Brother Branhan, nagsalita na ako ng isang wika." Mabuti iyan ngunit hindi pa rin iyan ang tinatanong ko. Sasabihin mo, Brother Branham, hindi pa ako nakasakit ng kapuwa ko." Hindi pa rin iyan ang tinatanong ko.



kombertido, hanggang sa daan-daan ang mga naging kombertido niya sa pamamagitan ng isang iyon."

Ang sabi niya, "Ngayon, ano'ng problema?" Ang sabi niya, "Isang bungkos kasi kayong mga tamad na mangangaral . . ." Ang sabi niya, "Nakaupo kayong nakapatong., ang mga paa sa inyong mesa, at hindi ninyo dinadalaw ang mga taong iyon."

24 Ngayon, sino nga ba ako, ang isang taong walang pinag-aralang tulad ko para salungatin ang isang dakilang ebanghelista? Ngunit mayroon sana akong gustong sabihin sa kaniya. "Billy, sino ba ang dumalaw sa mga kombertido ni Pablo?" Kita n'yo, iyon ay dahil malalim ang pagkakaakay ni Pablo sa kaniya hanggang sa pumasok si Cristo sa kaniya, at nagmistula siyang isang buhay na apoy sa buhay na Presensiya, hindi sa isang kilusang intelektuwal, o kung anong pagsapi, o — o kaya naman ay may kung anong papel siyang nilagdaan, o kaya naman ay namanata siyang magsisimba siya. Akayin mo siya hanggang sa Bautismo ng Espiritu Santo, at mag — magdiringas siya. Mamumunga siya ng mga anak. Paano niyang magagawa iyon kung baog siya? Hindi siya maaaring magkaanak malibang siya mismo ay may angking buhay. Iyan lang ang tanging paraan upang makapagparami ay pamamagitan ng punlang-binhi. At ang Punlang-Binhi ay ang Espiritu Santong dating na kay Cristo, na ngayon ay nasa mananampalataya na.

25 Ngayon, mapapansin natin, ang puling tanda ng Diyos kay Abraham ay litiral na Diyos na Salita. Alalahanin n'yo, ang Diyos, ang pangakong Salita na matagal nang naipangako sa kaniya, ay nangusap sa kaniya sa katawang tao: Tsang Tao, nakatayo roon at nakikipag-usap sa kaniya, kinikilala ang mga kaisipang nasa puso ni Sarah, at naroon siya sa likuran Niya sa loob ng kubo I; iyon ang hu ling tanda.

Pansinin n'yo ngayon. Nagpakita na Siya sa kaniya sa maraming sagisag at iba pa, gaya ng mga liwanag, at mga apoy, at iba pa, nagpakita Siya sa kaniya. Ngunit ngayon ay pansinin n'yo. At agad-agad, nais kong pansinin n'yo kung ano'ng nangyari sa matandang mag-asawa. Huwag sana ninyo akong ituring na radikal. At— at kung hindi kayo naniniwala rito, pabayaan na lang ninyo. Sadyang . . . Kita n'yo. Ngunit nais ko lang sabihin sa inyo kung ano'ng nangyari.

Napansin ba ninyo? Ngayon, paano nga bang magkakaanak si Sarah? Ngayon, sandaang taong gulang na siya. Ngayon, maaaring may magsabi, "Buweno, iba kasi noon." Sinabi ng Biblia na patay na ang kaniyang sinapupunan, at sinabi ng Biblia na pareho na silang matanda. Ngunit ginagawa Niya kay Sarah at Abraham, sa kanilang pagsulong sa daan, kung ano ang ipinangako Niyang

gagawin Niya sa kanilang binhi. At tinupad nga Niya. Kaya kong patunayan iyan, kung ano talaga ang naging hakbangin ni Abraham.

26 Ngayon, tingnan n'yo kung nasaan na siya ngayon. Nang dumating nga ang Diyos at nakipag-usap sa kaniya sa katawang tao, nagpakilala Siya sa kaniya, bigla na lang, paanong magkakaanak si Sarah? Ngayon, matagal na silang magkasama ni Abraham, at marahi I siya noon ay . . . Ang sabi ay halos patay na ang kaniyang katawan. Lyon ang sabi ng Biblia. Ang katawan niya ay patay na, patay na rin ang bahay-bata ni Sarah. Ngunit hindi siya natisod, sumampalataya pa rin siya.

Ngayon, tingnan n'yo. Kung si Sarah ... Narito ako sa magkakahalong tagapakinig, at pagpaumanhinan ninyo ako, mga kapatid kong babae. At pakikinggan ninyo ang duktor ninyo, at kapatid ninyo ako. Ngunit pansinin n'yo. Sa gulang na siyamnapung taon, sobra na ang tanda ni Sarah para siya maghirap sa panganganak. Hindi na kaya ng puso niya. Alam n'yo iyan. Isa pa, tuyo na ang mga ugat ng gatas niya. Wala pang mga pasusuhang bote noong araw (Kita n'yo?), dapat ay ina ang magpasuso. Pansinin n'yo. Kaya't paano niyang magagawa? Paano siyang magkakaanak? Patay na ang kaniyang bahay bata. Patay na rin ang kaniyang pangangatawan, at patay na rin si Abraham.

27 Alam ba ninyo kung ano'ng ginawa niya? Binago Niya sila. Pi nabalik Niya sila sa kanilang kabataan. Kaya kong patunayan iyan. Pinabata niya sila, pinabalik Niya sila sa kanilang kabataan. Oh, napakagandang pangako. Sasabihin mo, "Oh, Brother Branham . . ." Buweno, maghintay lang kayo sandali. Huwag kayong . Diyan lang kayo. Maaaring makasakit ito nang bahagya, sa mga legal ista, ngunit nais kong Makita ninyo ito, sa loob lamang ng isang sandali. Ngayon, nagtuturo lang tayo rito. para lang itong isang aral in sa Sunday School. Pinabalik Niya ang anyo ni la sa kanilang kabataan, mga dalawampung taong gulang.

28 Si Abraham . Ngayon, tingnan n'yo, matanda na siya. nakalaylay ang balbas niya, mistulang patay na ang kaniyang katawan, ang mga kulubot at laylay niyang mga bisig . . . Si Sarah, nakasampay sa kaniyang balikat ang kaniyang balabal, may maliit siyang sumbrero, isang lolang paika-ika at nakatungkod kung maglakad . . . Para kong nakikita ang nangyari kinaumagahan. Aba, si Abraham, kuba na ang likod, nakalaylay ang maputing buhok, at ang sabi ni Sarah, "Abraham, darling, aba, umiitim ang balbas mo." "Aba, Sarah, ang magaganda mong mata ay nagniningning gaya ng dati. Pumupula ang mga pisngi mo." Bago lumubog ang araw noong kasunod na gabi, nagbalik siya sa kaniyang kabataan, at si Abraham naman ay nagbalik din sa kaniyang kabataan.



sa inyo? Alalahanin n'yo, ang Espiritu Santo ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay. Si Pedro, matapos manggaling ni Felipe sa Samaria at matapos niyang bautismuhan ang lahat ng tao roon sa Pangalan ni Jesus Cristo, gay-on man ay pumaroon si Pedro at pinatungan niya sila ng kamay at dumating sa kanila ang Espiritu Santo. Kita n'yo?

Ngayon, kung naniniwala ka, iniisip ko kung paririto ka, bawat isang hindi ligtas o wala pang Espiritu Santo, maaari ka bang pumarito at tumayo rito sandali, hayaan mong ipanalangin kita. Kung manggagaling kayo sa pasilyo, saan ka man naroroon, tumayo ka lang dito. Lumapit ka lang dito at hayaan mong – hayaan mong samahan kita sa panalangin sumandali. Pagpalain ka ng Diyos.

86 umawit tayong lahat ngayon. "Paniwala na sana," kung mamarapatin mo, Sister Downing, kung mamarapatin mo. Mabuti. Magsiparito kayo. mga kapatid ko. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko. Manahimik ang lahat, manalangin kayo. Maaaring ito ang maging pinakamahalagang sandali. Maaaring mangahulugan ito ng kamatayan at buhay sa napakaraming tao. Nakadalo ba kayong lahat sa buong sanlinggong ito? Nakita ba ninyo ang Espiritu Santo, kung ano ang ginawa niya sa linggong ito sa mga tao?

. . . at tanggapin si Cristo;

Akayin ang iba sa .. .

Maaari ka bang pumarito, ikaw na walang Diyos, walang Espiritu Santo? Maaaring sabihin mo, "Kasapi ako sa isang iglesia, Brother Branham." Iyan ang . hindi iyan ang sinasabi ko. Ang ibig kong sabihin, puspos ka ba ng Espiritu ng Diyos? Hindi ka na makahahanap ng higit na kumbinyenteng araw kaysa sa araw na ito. kung kailan ipinakikilala ni Jesus Cristo ang Sarili Niya sa kalagitnaan natin.

. . . sa iyo . . .

Paano kung mamatay ka na bago mag-umaga. at hindi mo na magawang tumawag? Hindi ka ba dudulog ngayon habang nananawagan Siya?

Paniwala na sana .. .

Tama, tuluy-tuloy lang ang paglapit, lumapit lang kayo rito. "Paniwala na sana," Huwag nang .. .

Hindi ka ba dudulog ngayon? Alam ko . . . May kung ano sa aking puso na nagsasabing may isang taong nagpipigil sa sarili. Huwag, kapatid, huwag mong gagawin iyan.

. . . Lumalapit ang mga anghel;

Business Men na hindi nila iyon makukuha. Ang sabi ng Biblia, nang dumating sila, ang sabi nila, "Bigyan n'yo kami ng kaunting langis," ngunit hindi sila nagbigay. Kaya't nang malapit nang dumating angNobyo, ang sabi nila, "Bigyan n'yo kami ng kaunting langis n'yo."

83 Ang sabi nila, "Sapat lang ang langis namin para sa sarili naming. Kailangang bumili kayo sa mga nagtitinda." At habang wala sila, saka naman dumating ang nobyo, at pumasok na ang nobya. At ibinulid sila sa kadiliman, para lang magising at matuklasang naganap na pala ang pagagaw at naiwan sila, kung saan ay may pagtangis at pagdaing . . . isang panahon ng kapighatian . . . at may pagngangalit ng ngip in.

Mga kapatid ko, sa gabing ito, kaibigan, kung wala pa sa iyo ang Espiritu Santo, maaari mo bang . . . o lubos ka na bang nakumbinsi na kailangan mo ito, maaari mo bang itaas ang kamay mo, sabihin mo, "Ipanalangin mo kami, Brother Branham. Naniniwala akong nasa Presensiya tayo ng Diyos. Ipanalangin mo ako. Wala sa akin ang Espiritu Santo." Pagpalain kayo ng Diyos. Tingnan n'yo ang mga kamay sa lahat ng dako. Nais n'yo ba itong makamtan kung gayon?

84 Ngayon, alam ko, sa inyong mga Metodista, at mga Baptist, at iba pa, napakaraming panatisismong sumusunod sa anumang mensahe. Ngayon, sa inyong mga Lutheran, binabasa ko pa lang ang kasaysayan ni Martin Luther, isa sa mga aklat na isinulat tungkol sa kaniya hindi pa katagalan. Ang sabi n ila ay hindi gasinong mahiwaga na nagawa ni Martin Luther na magprotesta laban sa simbahang Catolico at nalampasan niya ito, ngunit dahil nagawa niyang itaas ang kaniyang ulo sa ibabaw ng lahat ng panatisismong sumunod sa kaniyang revival. At ganyan din ... Magkahalo ang tao sa bawat revival. Alam n'yo iyan. Ngunit alalahanin n'yo, nagpapakita lang iyan na mayroong totoo.

Kapag nakakita ka ng bogus na dolyar, sinasabi nilang may hawak silang isang bagay, alalahanin mo, may pinagkopyahan iyon.Kung wala, iyon na ang orihinal. Kita n'yo? Kaya't alam n'yong hindi maaaring iyan ang orihinal. Kaya't kailangang may orihinal. At ang orihinal na iyon ay ang tunay na Jesus Cristo, ang Isang naririto na nakakaalam ng bawat lihim na laman ng puso mo sa oras ding ito.

85 At tatanungin ko kayo, kung nakita mo na Siya, at nakarinig ka na ng mga patotoong Gaya ng miza ito tungkol sa lahat ng uri ng sakit na napagaling, at kung paanong natukoy ang haka ng puso ng mga tao sa buong sanlinggong ito, at ika'y Siya iyon na kumakausap sa iyo. Siya iyon. Iniisip ko kung naniniwala ba kayo na kung idadalangin — ko kayo ay makakatulong ito



29 Sasabihin mo, "Walang kabuluhan iyan, Brother Branham." 0 siyanga, nangyari nga iyon — naging bata sila. Isang napakagandang pangako at tipo ng makaharing binhi ni Abraham na kaagad nang darating. Alalahanin. Isa itong pangako? Oo, mababago tayo. Bumata silang pareho, ipinakikita kung ano ang mangayayari sa iglesia, na siyang makaharing binhi. Sasabihin n'yo, "Pangako ba iyan?" Unang Tesalonica 4:17, tutunog ang pakakak ng Diyos at tayo ay babaguhin; sa isang iglap, sa isang kisap mata, sabaysabay tayong aagawin.

Bakit? Ang katawan niya, kailangang mabago muna ang kanilang mga katawan para ni la matanggap ang anak. At ang ating mga mortal, maruruming katawan ay kailangan munang mabago para matanggap natin ang Anak, pagkat aagawin tayong pataas. Kailangang maging iba rito ang ating katawan, sapagkat aagawin tayo sa himpapawid upang salubungin natin Siya. Amen. Hindi ito sumasa Tugmang-tugma sa mga Kasulatan . . . Nakikita ba ninyo? Nabago sila.

30 Kung sasalubong tayo sa Panginoon sa himpapawid, hindi natin Siya maaaring salubungin sa ganitong uri ng katawan, sapagkat tayo'y makalupa. Ngunit tatanggap tayo ng isang katawan (Aleluia.) na aakyat sa pag-agaw. At ang maganda nito ay malapit na malapit na itong maganap. Nakikita na nating nakaayos nang lahat ang mga tanda: hindi na magtatagal. Isa sa mga umagang ito, magkakaroon ng pagbabago. Ngunit alalahanin n'yo, mangyayari lang ito sa makaharing binhi. Magiging lihim na lihim ang magiging pagdating ni Jesus, hindi ito mamamalayan ng mga tao.

31 Alam ba ninyo na maaaring kakaunti lang ang makasama. "Kung paano sa mga kaarawan ni Noe, kung saan ay wawalong kaluluwa ang naligtas sa tubig, magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao." "Makipot ang pintuan, at masikip ang daan, ngunit kakaunti ang makasusumpong nito."

Sasabihin mo, "Milyun-milyon ang mapapasama." Manggagaling ang mga iyon sa buong kapanahunan, lahat ng mga natubos, siyanga. Ngunit ang lugar na iyon ng pag-agaw kung saan tayo nakatayo ngayon . . . Ano'ng mangyayari isa sa mga araw na ito? Sasabihin nila, "Ngayon, alam n'yo, naririto na tayo sa panahon ng kapighatian. Ang akala ko ba ay aagawin muna ang iglesia bago pumasok ang panahon ng kapighatian."

32 Iyan ang katotohanan. Hindi ang iglesia, ang nobya. Ang iglesia ay daraan sa panahon ng kapighatian, ngunit hindi ang nobya. Hindi, po. Natubos na siya. Hindi na siya maaaring dalisayin pa; dal isay na siya. Pumasok na sa kaniya ang Espiritu Santo at dinalisay na siya Nito, at inalis na Niya ang lahat ng karumihan at karungisan ng sanlibutan. At sinasampalatayanan niya ang

Salitang iyan at nagiging bahagi siya Nito. Tama. Kung wala ang Espiritu Santo, hindi ito maaaring mangyari. Ito'y nobyang lumalabas sa iglesia. At doon . . . Siya ay ... Ang tawag diyan ay ang natira sa binhi ng babae na naiwan upang dumaan sa panahon ng kapighatian.

33 Alam n'yo, minsan matapos na ang mga Kasulatan sa Isaias, Malakias 3, at sa Isaias 40, na humuhula sa pagdating ni Juan Bautista, dumating si Juan nang tugmang-tugma sa Kasulatan. At maging ang mga alagad ay nagsilapit kay Jesus at nagsabi, "Bakit sinasabi ng mga escriba (ng Kasulatan), na kailangan munang dumating ni Elias?"

Ang sabi Niya, "Dumating na siya at hindi ninyo namalayan. Dumating na siya at ginawa na nila sa kaniya kung ano talaga ang nakatakda nilang gawin sa kaniya, at hindi ninyo ito namalayan." Ngayon maaaring isa sa mga araw na ito, sasbihin n'yo, "Paano naman ang pag-agaw?"

Nangyari na pala at hindi ninyo namalayan. "May dalawang nakahiga sa kama. Ang isa'y kukunin; ang isa'y maiiwan." Alam ninyo, daan-daang tao ang nawawala sa balat ng lupa araw-araw, alam n'yo. Hindi ni la masabi kung nasaan sila. At isipin na lang, ang malungkot nito, patuloy na mangangaral ang mga tao at ang pan iwala nila ay naliligtas sila.

34 At pumasok si Noe sa daong at ip in in id ng kamay ng Diyos ang pintuan sa kaniyang lingkuran. Sumikat at lumubog ang araw sa loob ng pitong araw bago pa mangyari ang anuman. At nagpatuloy sa pangangaral ang mga tao, patuloy ang kanilang pagtatawa, at lahat na, wala silang kamalay-malay na ang tanging awang nasa kani la ay nagsara na. Isipin ninyo. May mga ministrong magpapatuloy sa pagbibigay ng edukasyon sa mga mangangaral, at isusugo nila sila, at magaganap ang mga bagay na tulad nito, at ang iglesia ay magpapatuloy sa pagsulong, at walang-wala nang nalalabing awa, walang kahit ano, lubusan nang nawalay. Tapos na ang pag-agaw. "Ang masama ay higit pang magpapakasama." Iyan ang sabi ng Kasulatan. Dumating na pala at hindi ninyo namalayan ..

35 Isipin n'yo iyan ngayong gabi, alga kaibigan, at masdan n'yo kung ano'ng nangyayari. Walang anumang bagay sa buong mundo na makapagbibigay aliw sa iyo maliban sa Sal ita ng Diyos. Kita n'yo? Wala nang iba pang pagasa, ang inyong bansa, saan man. Nginatngat na tayo ng uod, hanggang sa ating gulugod. Alam n'yo iyan. Inuod na ito ng Komunismo hanggang sa gulugod nito. Naipangusap na ito; kailangang mangyari iyan. Hindi Niya iyan pipigilan. Sinabi ng Biblia na kailangang magkaganiyan. Kaya't hindi ninyo iyan kayang pigilin; iyon Lang. Maghanda kayo para sa pag-agaw. Iyan na lamang ang maaaring gawin.



napapatunayan ang Salita. Wala nang maaaring kumuwestiyon ngayon. At ang isang tauhang ito, si Abraham, samantalang lahat ng mga tauhan sa Biblia ay nakakabit dito, at nakikita nating nakaupo tayo ngayon...

Ama, paputol-putol man ang salita ko, ngunit ginawa ko ang abot ng makakaya ko... Dalangin ko ngayon na ang dakilang Espiritu Santo na naririto ngayon, na nakaaalam ng lihim ng bawat puso, mangusap nawa Siya sa pusong iyon sa oras ding ito. Gawin Mo po ito, Panginoon. Mangusap ka sa isang iyon na nakahandang humayo kung darating Ka ngayong gabi. Kung magsasara ang pintuan ngayong gabi, kung mamatay sila sa daan habang pauwi sila sa tahanan nila, o kung mababangga sila ng kotse at mamatay sila, o kaya naman ay mamatay sila at matagpuang patay sa kanilang hinigan kinaumagahan, hindi sila ligtas. 0, Diyos, nakikiusap ako na huwag Kang pumayag na sinuman sa kanila ay pumanaw nang gayon. Kung ang ginawa lang nila ay ang sumapi sa iglesia, Panginoon, nawa ay huwag silang mahiyang humakbang at humiling sa Diyos na mapuspos sila ng Espiritu Santo, upang ang Buhay Niya ay makapasok sa kanila. Kung hindi nila maunawaan ang mga bagay na ito, hindi rin ito naunawaan ng mga alagad. Ngunit nanghawakan sila hanggang sa mabuhos ang Espiritu Santo. At naunawaan nila ito at isinulat nila ang Biblia. Dalangin ko, Ama, ngayon na mangusap Ka sa baw at puso, at hayaan Mong malaman nila na ang Lalaking makapagbubukas ng i law ay nakatayo sa pintuan ng kanilang mga puso.

81 Habang nakayuko ang ating mga puso, ilan ba sa mga naririto ngayon ang nais maging tapat, at sasabihin niya, "Brother Branham, alam kong hindi ako matuwid sa harap ng Diyos." Na — nais kong itaas ninyo ang kamay n'yo. Manatili lamang kayong nakayuko, lahat kayo, ngunit itaas ninyo ang kamay ninyo. "Hindi ako matuwid sa harap ng Diyos." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Oo. "Ako . . ." Mga kamay .. . "Alam kong hindi ako matuwid sa harap ng Diyos." Nakikita ba ninyo kung ano ang sinisikap kong gawin? Malugod nawa ang Diyos sa inyo para sa mga dakilang gawaing pagpapagaling bukas. Kung malulugod ko lang sana Siya, hindi ako naniniwalang may maiiwang hindi pinagaling ng— ng Diyos, kung magagawa ko lang na paniwalain ang mga tao.

82 Ngayon, sa mga hindi pa nababautismuhan ng Espiritu Santo . . . At alam ninyong iyan ang Langis. Lahat ng walang langis sa ilawan, hindi sila nakapasok. At may nabalitaan na ba kayong pagkakataon sa pahayagan kung saan ang mga Presbyterian, Lutheran . . . Tingnan n'yo ang magasin ng Christian Businessmen: mga Lutheran, Presbyterian, maging ang Catolico, ay naghahangad ngayong makasumpong ng bautismo ng Espiritu Santo, daan-daan sa kanila. At iniisip ko kung nauunawaan ng mga taga Full Gospel

Nagawa Niya iyon doon sa itaas . . . Nang iamba ni Abraham ang punyal sa lalamunan ng kaniyang anak, bigla Niyang binuksan ang ilaw. Oo, maaari Niyang buksang muli ang ilaw ngayong gabi. Yumuko tayong sumandali.

78 Tulungan nawa tayo ng Diyos, buksan nawa Niya ang switch sa puso ninyo. Mga kaibigan, sa linggong ito ay nakita ninyo ang dakilang espiritu Santo sa ating kalagitnaan. Walang kuwestiyon tungkol diyan. Ngunit, oh, mabuksan nawa ang munting liwanag ngayong gabi. Huwag mong palalampasin ito, brother, sister. Sa palagay ko, dito lang sa maikling kabanatang ito tung — napatunayan ang tungkol kay Abraham, kung ikakabit ito sa Genesis hanggang sa Apocalipsis, mapapatunayan nito kung anong oras na itong kinabibilangan natin. Itinakwil na naming muli si Cristo sa ating bansa. May mga paglindol sa iba't-ibang dako, ang Sodoma at Gomorra, ang kalagayan ng iglesia, tugmang-tugma ang pagkakaanyo ng larawan ng hayop. Lahat ng mga bagay na ito ay nagaganap tulad ng nakasaad sa Biblia. At kayo, alam ninyo iyan. Kita n'yo?

79 Ngayon, kung wala ang mga dakilang karanasang ito kay Cristo .. . kung ang Buhay ni Cristo ay papasok- sa iyo . . . Ngayon, tingnan mo ang sarili mo sa salamin ng Diyos, at tingnan mo kung kaya mong ipakilala ang sarili mo ngayong gabi.

Kung nabuhay ka sa panahon ni — ni Noe sa panahon ng pagbaha, saan ka kaya papanig? Kung nabuhay ka sa panahon ni Moises, kanino ka kaya kakampi? Kung nabuhay ka kaya sa panahon ni Cristo, kung kailan ay nagalit sa Kani. a ang lahat ng mga iglesia . . . Kinailangan Niyang tumayo roong mag-isa sampu ng mga bagay na ginawaNiya. Iyon nga lang, kasama Niya angDiyos: iyon nga lamang. Maging ang lahat ng Kaniyang mga alagad, halos lahat sila, iniwan nila Siya. Ngunit kanino ka kaya papanig sa kasalukuyan mong kalagayan ngayon, saan ka kaya — saan ka kaya papanig? Kan ino ka kaya papanig sa pagkakataong ito, kapag nakita mo Siyang muli, sa ating kalagitnaan?

Ngayon. naririto Siya. Maaari Niyang buksan ang ilaw sa iyong puso, at pupuspusin ka Niya ng Espiritu Santo. Ilan kaya rito ngayon, habang nakayuko ang mga ulo ninyo at gayon din ang inyong mga puso, maaari n'yo ba akong samahan sa panalangin sumandali?

80 Ngayon, makalangit naming Ama, alam naming hindi ka karaka-rakang dumarating at — at gumagawa ng mga bagay-bagay para lang ipakitang kaya Mo. G inagay. a Mo ito nang may layunin. At, Panginoon, sa Linggong ito ay nadama kon.g, kailangan ko munang maghintay hanggang sa sumapit ang sandaling ito sa oras na ito, upang makita muna ni la na



36 Sa Tesalonica, sa — o sa . . . Ang sabi ng Unang Tesalonica 4:17 ay babaguhin tayong gaya ni Abraham. at aagawin tayong taglay ang ating bagong katawan. Ngayon, si Abraham, kailangang baguhin ang kanilang mga katawan. Kailangan din namang mabago ang ating katawan para matupad ang pangako. Kailangang mabago tayo.

Ngayon, maaaring sabihin n'yo, "Ang mga kulubot na katawang ito?" Nais kong . . . Nagsalita ako sa Kiwanis dito hindi pa katagalan, at isangmay isang duktor na lumapit pagkatapos. Ang sabi niya, "Mr. Branham," ika, "pinahahalagahan ko ang pagsasalita mo," ngunit ika niya, "alam mo, hindi ko kayang maniwala na — na — na — sa anumang bagay malibang mapatunayan ito sa paraang maka-agham, tungkol sa birheng kapanganakan at sa mga bagay na tulad nito, at tungkol sa kung mayroon bang Diyos."

Ang sabi ko, "Buweno, hinding-hindi mo Siya mapaniniwalaan, sapagkat hindi mo maaaring patunayan ang Diyos sa paraang maka-agham. Kailangang paniwalaan mo Siya sa pamamagitan ng pananampalataya — sa pamamagitan ng pananampalataya."

Ang sabi niya, "Buweno, hindi ako naniniwala sa anumang bagay na hindi maka-agham."

Ang sabi ko, "May asawa ka na ba?"

Ang sabi niya, "Opo."

Ang sabi ko, "Mahal mo ba ang asawa mo?"

Ang sabi niya, "Siyempre naman."

Ang sabi ko, "Ipakita mo nga sa akin sa paraang maka-agham kung ano ang pagmamahal, kung gayon. Nais kong bumili ng pagmamahal, kung masasabi mo sa akin kung saang botika ito ipinagbibili. Kai langan ko kasi talaga." Ang sabi ko, "Ako'y .....Kita n'yo, simpleng bagay lang iyon.

37 Ang sabi ko, "Tatanungin kita. Ngayon, dito. Yari ba tayo sa alabok ng lupa?"

Ang sabi niya, "Opo."

Ang sabi ko, "Natatanggap natin ang alabok na ito sa pamamagitan ng pagkain ng pagkaing nagmumula sa lupa. At ito'y buhay ng halaman at iba pa." Kita n'yo, mabubuhay lamang kayo sa pagkain ng patay na sustansiya. Kita n'yo? Upang kayo'y mabuhay, kailangang may mamatay para kayo mabuhay sa pisikal. Kung kakain kayo ng patatas, mamatay ito. Kung kakain kayo ng karne ng baka, namamatay muna ang baka. Kung kakain kayo ng karneng baboy, namamatay muna ang baboy. Kung kakain kayo ng gulay, namamatay ito; isa itong anyo ng buhay. At mabubuhay lang kayo sa natural sa

pamamagitan ng — ng sustansiyang gating sa isang bagay na patay: patay na sustansiya. Ngayon, hindi ba't napakagandang pangangatwiran, kaibigan, na maaari ka lamang mabuhay nang walang hanggan sa pamamagitan ng sustansiya ng Isang Bagay na namatay alangalang sa iyo? Namatay si Cristo, siyanga, nabuhay Siyang muli upang ibindika ang Kaniyang Pagkadiyos.

38 Pansinin n'yo ngayon. Ang sabi ko, Duktor, kung noon ay kumakain ako ng pagkain, sa tuwing kakain ako ng pagkain ay napupunta iyon sa aking katawan, at nakagagawa iyon ng mga selyula ng dugo."

Ang sabi niya, "Tama."

"Kung gayon, sa tuwing kakain pala ako ay pinananariwa ko ang aking buhay."

Ang sabi niya, "Tama nga: panibagong mga selyula ng dugo."

Ang sabi ko, "Kung gayon ay may itatanong ako sa iyo. Noong ako'y disisais anyos pa lamang, kumakain ako ng mais at sitaw, at patatas, at ng karne gaya ng ginagawa ko ngayon. At sa tuwing kakain ako ay lumalaki ako at lumalakas. At nang tumuntong ako ng beinte dos anyos . . . Bawat tao, kah it pa gaano kayo kalakas kumain, gaano man kayo kainam kumain, lalo naman kayong tumatanda at naghili Ma. Ngayon, kung nagsasal in ako ng tubig mula sa sarting ito tungo sa sarting ito, at nangalahati na ito; at sa hal ip na tumaas ito ay bumababa ito, patunayan mo nga sa akin sa paraang maka-agham kung paanong nangyayari ito?"

39 Paanong nangyayari na pareho naman ang kinakain ko, pinananariwa ko ang aking buhay araw-araw ayon sa — pinatutunayan ito nito — makaagham nitong pinatutunayan na pinananariwa ko ang buhay ko kung tatanggap ako ng mga bagong selyula ng dugo, iyon pa rin ang dating dugong tinatanggap

ko noong disisais anyos pa lang ako. Ngunit paanong nangyayari, na nang lumampas na ako sa edad na beinte anyos, kahit gaano karami ang kainin ko, pababa na ako nang pababa, patanda nang patanda, at pahina ako nang pahina. Sa halip na ako'y mapuno tulad ng dati, ngayon ay nababawasan ako. Isa itong pakikipagtagpo, iyon lang iyon.

40 Ngunit gumawa ng larawan ang Diyos. At kinunan ka Niya noong ikaw ay mga beinte uno anyos pa lamang. Kung walang makasasagabal Tu lad ng isang pilay na batang lalaking ito na nakaupo rito, tulad ng pagtubo ng puno ng mais, at may bagay na dumagan dito na naging dahi Ian upang bumaluktot ang pagtubo nito Kung magagawa mong alisin kaagad ang bagay na naging dahilan ng pagkabaluktot nito, maitutuwid pa ang puno. Kai langang tumuwid ito; iyon lang.



Sasabihin mo, "Umubra kaya?" Ito'y . . . Tiyak iyan. Ipinangako iyan ng Diyos. "Sa palagay mo ba'y magagawa mo?" Hindi ko kaya, ngunit gagawin Niya. Hindi ko na pananagutan ang ipagawa iyon sa Kaniya. Ang pananagutan ko lang ay ang ipangaral ito. Katungkulan Niyang patunayan ito; Siya na iyon. Kung man in indigan ako sa katotohanan, paninindigan din Niya ito. Pinatunayan na Niya ito, at gagawin nga Niya. Sasabihin mo, "Napakadilim na." Oo, alam kong napakadilim na, at lahat ng mga eklesiastiko ay pumapasok na sa napakalaking organisasyong ito tungo sa katayan. Oh….?...

"Ano'ng gagawin mo tugkol diyan?" Naalala ko tuloy ang isang kuwento. Marahil ay sasabihin ko ito bago ako magtapos.

76 Doon sa Carlsbad, New Mexico, mayroon silang mga cavern doon, alam n'yo, ang — kung saan kailangan mong bumaba roon ng mga isang milya, doon sa ibaba . . . Kailan man ay hindi ko talaga nagustuhan ang bagay na iyon. Parang mga nunal sa lupa ang mga iyon. At pumasok kami roon. At may mga babaeng nakatayo roon, oh, marahil ay parang ang batang babaeng iyan. At ang kapatid niyang lalaki ay nakatayo sa isang tabi, at naroon din ang guide na kasama ni la sa pagbaba.

Kaya't nakatayo sila sa madilim na lugar na ito, at doon ... Maliwanag pa noon. Nakasindi pa ang lahat ng ilaw. At ang lalaking ito, para lang... Nilapitan ng guide ang ilaw. At kasabay niyang naglalakad ang batang lalaki, pinagmamasdan niya ang guide. Kaya't nagpunta roon ang guide, at hnawakan niya ang switch, at bigla niya itong ibinaba. Ay, naku. Kung hindi ba naman napakadilim. Isang milya ang lalim mula sa ibabaw ng lupa, alam n'yo, napakadilim at ni hindi mo makita ang kamay mo kung ikakaway mo, wala kang makitang kahit ano.

77 At nagtitili ang batang babae. Nagtatalon siya, nagtititili, buong lakas siyang nagtititili . . . At habang nagsisisigaw siya, ang batang lalaki na nakatayo sa isang tabi, ang sabi niya, "Oh, munti kong kapatid. Oh, munti kong kapatid."

Ang sabi niya ano'ng kailangan mo, kapatid ko?"

Ang sabi niya, "Huwag kang matakot. May isang mama rito na makapagbubukas ng ilaw."

May Mama ritong makapagbubukas ng ilaw. Siya pa rin si Jehovahjireh. Kita n'yo? May kasama tayong isang Lalaki rito ngayong gabi, ang Espiritu Santo; kaya Niyang buksan ang mga ilaw. Siya ang Salita: isang Lalaking narito ngayon na makapagbubukas ng ilaw. Hindi ko alam kung paano Niya itong gagawin. Hindi ko na kailangang malaman pa. Ngunit alam Niya kung paanong kalabitin ang switch. Nangako Siya.

74 Tinanong ko ang isang babae di pa katagalan, "Cristiano ka ba?", sa loob ito ng isang ospital.

Ang sabi niya, "Nais kong maintindihan mo na nagtitirik ako ng kandila gabi-gabi." Na para bang may kinalaman iyon sa Cristianismo.

Tinanong ko . . . May ipinanalangin akong isa pang babae, at may isa pang babaeng nakaratay doon at maysakit, siya at ang kaniyang anak na lalaki. At ang sabi ko — tuloy po kayo. Ang sabi ko, "Binibini, maaari bang ... oo, kilala kita. Ikaw si Mrs. Oliver."

Ang sabi niya, "Oo, Brother Branham." Aniya, matagal nang malala ang sakit ko, Brother Branham. Hindi malaman ng duktor kung ano ang mali sa akin. Maaari ka bang mag-alay ng panalangin? Iyan ang dahilan kung bakit kita ipinatawag."

Ang sabi ko, "Aba, siyempre naman, Sister Oliver." Ang sabi ko, maaari bang iyuko mo ang iyong . . ."

Ang sabi niya, "Sandali lang. Isara mo ang kurtina."

At ang sabi ko, "Buweno, sige." Ang sabi ko, "Mananalangin lang sana ako. Cristiano ka ba?"

Ang sabi niya, "Mga Metodista kami."

"Buweno," kako, "hindi iyan ang tanong ko sa iyo. Ang tanong ko ay kung Cristiano ka."

75 Ang sabi niya, "Isara mo nga ang kurtina." Kita n'yo? Ganiyan kakitid . . . Paanong magagawa ng isang tao ang maging . . . Iyan ay kaitiman at kadiliman, makadenominasyong pagkakaiba, na naglalayo sa kan i la sa mga pagpapala ng Diyos. Mayroon niyan sa lahat ng denominasyon. Tama. Brother, huwag kang pupunta sa babae; ang Lalaki ang tanggapin mo. Huwag ang pangalan niya ang tanggapin mo; ang Pangalan Niya ang tanggapin mo. Tanggapin mo ang Pangalan Niya.

" Sasabihin mo, "Brother Branham, paano mong mapatatanggap iyan sa araw na ito? Paano mong gagawin?"

Nangako Siyang gagawin Niya ito. Ang sabi Niya, "Huwag kayong matakot munti Kong kawan. Kalooban ng inyong Ama ang ibigay sa inyo ang kaharian." Paano Niyang gagawin ito? Siya pa rin si Jehovh-j ireh. Kayang maglaan ng Diyos para sa Sarili Niya ng isang iglesia. Kaya Niyang magpalitaw mula sa mga batong ito ng mga anak ni Abraham. Tiyak nga, Siya si Jehovah-jireh.



Pansinin n'yo, kung walang anumang sasagabal dito, lalaki kang isang magandang dalaga, makisig na binata, ikaw at ang asawa mo ay magkatabing nakatayo, isang modernong Adam at Eva sa pasimula. Ang sabi ng Diyos, "Hayan sila. Ngayon, kamatayan, ha — habulin mo sila. Maaari mo nang simulan ang pagkitil sa kanila, ngunit hindi mo sila maaaring kunin nang lubusan hangga't hindi Ako tumatawag." Ngayon, ano ba ito? Isa itong negatibong larawan.

41 Ay, naku. Kita n'yo, ganiyan nga ang ginawa Niya kina Sarah at Abraham. Pinawi Niya ang katandaan. Ang katandaan ay tanda ng kamatayan, at walang anumang tanda ng kamatayan sa langit. Kita n'yo, lahat ng alaala ng kamatayan ay mapaparam na, at wala na roong pagtanda. Lahat tayo ay babata na. Ito'y larawang iginuhit ng Diyos noong kabataan mo. At ngayon, kinuha ng Diyos sina Abraham at Sarah at ibinalik sila sa kanilang kabataan. Kaya't hayan na nga.

42 At isa pang patunay na nais kong ipakita ngayon. Hindi ko nadaramang nauunawaang maigi ang ganiyang paliwanag. Kailangan kong . . . Huwag ninyo iyang paniniwalaan. Buweno, tatanungin ko kayo. May ipakikita ako sa inyo. Hayaan ninyong ipakita kong nangyari nga iyon sa kanila.

Ngayon, masdan. Tingnan n'yo kung nasaan sila sa mapa nang magpakita ang Diyos sá kanila, doon sa gawing Sodoma. Pagkatapos na pagkatapos niyon, naglakbay si la ng halos tatlong daang milya patungong Gerar. Napakalayong paglalakbay nito para sa mga matatanda. Heto na ang matandang lalaking ito, napakahaba ng balbas niya, nakatungkod siya. Heto naman si Iola, alam n'yo, naka-bonnet siya, naglalakad siya sa likuran niya, apat o limang pulgada lang siya kung humakbang.

43 At pagkatapos, ang problema nito, pagdating nila sa Gerar, naroon si Abimelech. Naghahanap ng mapapangasawa ang hari. At napakarami na niyang kinakasamang naggagandahang babae roon, ang mga babaeng Filistea, ngunit nang Makita niya si Sarah ay napaibig siya sa kaniya, at nais niya siyang mapangasawa. Tama nga ba? Ha, ha!

Oh, kapatid, ang Biblia ay parang isang liham ng pag-ibig. Kailangan mong basahin ang nasa pagitan ng mga pangugusap, unawain n'yo kung ano'ng ibig sabihin nito. Sinabi ng Diyos na itinago N iya ito sa mga mata ng mga taong pantas at maiingat, at ipinahayag Niya ito sa mga sanggol na nais matuto.

44 Kapag nagmimisyon ako, sinusulatan ako ng asawa ko. Mahal ko siya at mahal niya rin ako. At sasabihin niya, "Mahal kong Bill, ngayong gabi ay pinatulog ko na ang mga bata, at nagtrabaho ako maghapon . . ." Nauunawaan ko kung ano ang binabasa — isinusulat niya. Ngunit kita n'yo, mahal na mahal

ko siya kaya't nagagawa kong basahin ang nasa pagitan ng mga linya. Alam ko kung ano'ng sinasabi niya. Hindi na niya kailangang sabihin pa sa akin. Alam ko na, sapagkat nababasa ko ang kaisipang nasa pagitan ng mga pangungusap niya.

Ganiyan din sa Diyos. Hindi tayo nagsisikap mag-aral batay sa pananaw ng isang pahayagan, o sa pananaw ng isang teologo. Ngunit ibigin Mo Siya. Lutnuhod ka at tunay mo Siyang patuluyin sa puso mo. Ang pag-ibig ng Diyos ay hinahatid ng Espiritu Santo sa ating mga puso. At saka ka magbasa ng Biblia. Makikita mong lalabas iyon sa pagitan ng mga linya. Kita n'yo, alam n'yo kung ano'ng sinasabi Niya. Hindi naman talaga Niya tahasang sinasalita. Pinasalamatan Niya ang Ama dahil itinago Niya ang mga bagay na ito sa mga mata ng pantas at matatalino.

Ngayon, walang ibang makababasa ng liham ng asawa ko nang gayon, sapagkat gano'n ko siya kamahal. Kita n'yo? At ganiyan siya kung lumiham sa akin. Ganiyan din naman kung lumiham ang Diyos sa iyo; nasa pagitan iyon ng mga linya. Basahin mo.

45 Narito na siya, itong si Sarah. Siyanga, nagpunta siya roon Naiisip ba ninyo si lola, alam n'yo na, at kaydaming naggagandahang babae roon sa lupain ng mga Filisteo – sa lalawigan, sa Gerar. At naroon si Abimelech. Isa siyang magandang lalaking batang hari, at naghahanap siya ng mapapangasawa. Kaya't naghanap siya sa paligid. Ang gaganda nila at lahat na. Ngunit nakita niyang paparating si lola, alam n'yo na, nanginginig, nininerbiyos, parating na siya. Ang sabi niya, "Siya ang babaeng matagal ko nang hinihintay. Siya na nga." Ang sabi, "Oh . . ."

46 At sinabi ni Abraham, "Ipinamamanhik ko sa iyo Sarah, ipakita mo sa akin ang kabutihang ito. Maganda kang babae." Oh Ang sabi, "Pagdating mo roon, sabihin mong kapatid mo ako, at sasabihin kong kapatid kita, dahil kung hindi ay papatayin nila ako at kukunin ka nila." Kita n'yo, sila'y . . . Hindi kayo maaaring magkaroon ng dalawang asawa sa iisang pagkakataon kung gayon. Kita n'yo? Kaya't kami ... Hindi rin siya maaaring magkaroon ng dalawang asawa, iyon pala, sa isang pagkakataon. Isa sa mga araw na ito ay mangangaral ako tungkol diyan. Pagkatapos ay pinag-uusapan n'yo na lumilikha ng kaguluhan ang binhi ng serpente, hintayin n'yong lumabas ito.

47 Buweno . . . Buweno, ngayon, alalahanin n'yo. At makikita nating nang Makita niyang paparating siya, parating na si lolang ganiyan, napaibig si Abimelech sa kaniya, at kinuha niya siya upang kaniyang mapangasawa. Isipin n'yo iyan. Nakikita na ba ninyo na sila'y talagang pinabata Niya? Siyanga. Kai langan Niyang gawin iyon.



Ngayon kung paanong tiyak tayo na sina Adam at Eba ay iisang espiritu, si Cristo at ang iglesia ay kailangang maging iisang Espiritu rin, iisang lingkuran: ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Nakikita ba ninyo kung ano'ng ibig kong sabihin? Kailangan nilang magkaisa at maging isang Espiritu. At si Jesus Cristo at ang Kaniyang iglesia ay iisang Espiritu.

72 Paanong magagawa ng iglesia ang itanggi ang paglikha? Paanong magagawa ng iglesiang itanggi ang bagay na ipinagagawa sa kanila ni Cristo? Paano nating itatanggi ito at pagkatapos ay sasabihin nating kay Cristo tayo? "Kung ika'y mananatili sa Akin at ang Aking Salita ay mananatili sa iyo, hilingin mo ang nais mo; at ipagkakaloob sa iyo. Ako ang punong baging; kayo ang mga sanga." At ang buhay na nasa puno ay dumadaloy sa sanga upang makapamunga ito: mga tagapamunga. At bawa't sangang hindi namumunga ng mabuting bunga ay tinatagpas. Ganiyan ang ginagawa ng mga organ isasyon, pinagpuputul-putol nila ito. at hinahaluan nila ang Salita, at doon sila nagsisimula. At ang isa'y nagsisimula, ang isa'y patungo rito at ang isa nama'y patungo roon. At bago mo pa mamalayan may papasok na isang lipon ng mga Ricky, at ipapasok nila ang mga kaisipan nila rito. At bago mo pa mamalayan isa na itong malaking bungkos ng Babilonia. Tinatabas Niya ito.

Wala pang lumitaw na organisasyong hindi nahulog. At bawat isa sa mga iyon ay nahulog, at hindi na muting nakabangon. [Patlang sa tape — Ed.] Kukuha Siya ng isang lalaki sa ibang lugar, palalabas in Niya agad ito. Tiyak nga.

73 Pansinin n'yo ngayon ito. Kailangan nilang magkaisa. Sinabi ni Jesus noon, na ang Buhay na nasa Kaniya ay mapapasa kaniyang Iglesia. At ito na nga ang ipinangako Niya sa huling mga araw, na ang Buhay na na kay Cristo, na dating nasa — ay maipapamalas sa mga kaarawan kung kailan ang sanlibutan ay nasa kalagayang Sodoma na, tulad ng kalagayan nito ngayon. Hindi ba ninyo nakikita, brother, sister? Anong buti ang magagawa sa iyo ng pagsapi sa iglesia kung wala naman si Cristo sa buhay mo, at hindi ipinakikilala ni Cristo ang Kaniyang Sarili sa buhay mo. Kita n'yo? Iyon na iyon. "Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga magsisisampalataya." Sinabi niya iyan. Paano mo magagawang sabihing ito'y . . . Kung hindi totoo ito, paano mong sasabihing kay Cristo ka?

Sasabihin mo, "Brother Branham, paano mo bang mapapaniwala, sa palagay mo, ang mga tao sa intelektuwal na panahong ito, kung saan ang lahat ay naging isa nang denominasyon?"

lumulusong Siya sa tubig upang tuparin at ibindika ang Kaniyang hula. Amen. Nakatayo na Siya ngayon doon. At nagpanagpo ang kanilang mga mata: ang isa'y ang propeta, at ang Isa naman ay ang Salita. At si Juan, nagpakumbaba siya sa Kaniyang harapan, ang sabi niya, "Ako ang dapat Mong bautismuhan, at bakit Ikaw pa ang naparito sa akin?" Ang sabi Niya, "Ipahintulot mong maganap iyan, sapagkat marapat lang na ating (nararapat lang ito sa atin Kita n'yo? Marapat lang) tuparin ang buong katuwiran."

Si Juan, pal ibhasa'y isang propeta at dahil alam niya ang Salita, pagkat dumating sa kaniya ang Salita. Alam niyang Siya ang hain. At ayon sa kautusan kailangan munang hugasan ang hain bago ito ihandog. Ganoon nga. Binautismuhan niya si Jesus sapagkat Siya ang darating na hain. Bago Siya tumungo sa Kaniyang buhay-publiko ay kailangan muna Siyang mabautismuhan, sapagkat kailangan munang hugasan ang hain bago ito ihandog. Amen. Binautismuhan niya Siya. At pagkatapos, kaagad Siyang umahon sa tubig, at tumingala siya at nakita niya ang Espiritu ng Diyos na parang kalapati; at may tinig na nagmula rito na nagsabi, "Ito ang Aking sinisintang Anak, na Aking kinalulugdang panahanan." Ang Diyos at tao ay naging isa.

70 Sina Adam at Eba ay iisa nung pasimula, at nang paghiwalayin Niya sila ay nahulog siya, dahil sa Salita; lumihis siya sa Salita. Nahulog siya. Gayon din namang nahulog ang bawat kapanahunan ng iglesia dahil sa maling pagpapaliwanag sa Salita, hinahayaan nilang ang tagapagpaliwanag .. . Ipinaliwanag iyon ni Satanas kay Eba. "Oh, tiyak namang hindi tama iyan . Tiyak na ito, tiyak naming lahat ng ito ay hindi maaaring . Hindi ito . . . Oh, siyanga, alam ko. Tiyak ito . . ."

Ngunit kapag sinabi ng Diyos, iyon na iyon; wala nang "tiyak naman" dito. Kailangan kang ipanganak muli. Kailangan mong tanggapin ang Espiritu Santo, kung hindi, mapapahamak ka.

71 Pansinin n'yo Siya, heto't paparating na Siya, at si Jesus at si Juan ay naging isa na. Nagbuklod na sila. Katulad sa Eden kung saan . . . Si Adam at Eba, noong pasimula, ay iisang espiritu. Ang mga pangalan nila ay tinawag na Adam. Kita n'yo? Siya ay kapuwa si Adam at si Eba na magkabuklod. At nang paghiwalayin sila upang dumaan sa pagsubok, ano'ng nangyari? Nahulog si Eva sa Salita; iyon ang Salita. Sinundan siya ni Adam upang tubusin siya, ngunit hindi niya magawa. Hindi siya karapat-dapat upang tumubos sa kaniya. At dumating ang ikalawang Adam upang tubusin ang iglesia, na noon ay nasa anino pa lamang, nasa anyo pa lamang ng tipo.



Ang Bibliang ito na isang liham ng pag-ibig ay isang bagay na isinulat ng Diyos sa atin. Itinago Niya ito sa paningin ng mga taong pantas at matatalino, at ihahayag Niya ito sa mga sanggol na nais matuto. Itinatago Niya — itinago Niya ang Kaniyang pagdating. Itinago Niya si Jesus sa mga Fariseo, sa mga mag-aaral ng Kasulatan. Walang mga taong gaya nila sa araw na ito. Kahit gaano man sila nag-aral, hindi pa rin nila Siya nakilala. Itinago Siya. Sinabi ng Biblia na itinago Siya.

48 At alam ba ninyong sinabi rin ng Biblia na pagkukublihan din ang klero ng araw na ito? "Mapagmataas, mapagpalalo, maibigin sa kalayawan kaysa sa Diyos, mga lilo, mapagbintang, walang pagpipigil, at namumuhi sa kung ano ang tama; may anyo ng . . ."

Sasabihin mo, "Komunista ang tinutukoy diyan."

Hindi, hindi. "May anyo ng kabanalan, ngunit itinatanggi ang kapangyarihan nito; magsilayo nga kayo sa kanila." Kita n'yo? Tama. Ito ang mga taong nagbabahay-bahay, at inaakay ang mga babaeng haling na sa lipos ng iba't-ibang pita," at iba pa.

49 Pansinin. Ngayon ay makikita natin si Abraham sa lugar na iyon. At lumapit si Abimelech at nagsabi, "Siya ang matagal ko nang hinihintay." Kaya't siya'y ipinakuha niya sa kaniyang mga aliping babae, at kinuha nila siya, at, oh, marahil ay inayusan nila siya, at pinagmukha siyang isang reyna o anuman iyon. At noong gabing iyon . . . Nais kong pansinin n'yo ito, ang biyaya ng Diyos sa Kaniyang propeta. Maaaring mahirinan kayo nang bahagya rito, ngunit ito'y katotohanan. Kahit ano pa ito, tingnan n'yo kung ano talaga ang sinasabi ng Biblia.

50 Ngayon, kita n'yo, itong si Abimelech, sa loob-loob niya, "Bukas ay pakakasalan ko na ang napakagandang dalagang Hebreong ito. At naroon na siya sa loob ng mga silid na iyon ngayon. At pinababanguhan siya ng mga alipin ko, pinagaganda nila ang buhok niya, at inaayusan siya." Ngayon naiisip ba ninyo ang hitsura ng isang nobenta anyos na babae na inaayusan dahil pakakasalan siya ng isang batang hari?

Kaya't makikita natin na habang inaayusan nila ang magandang babaeng Hebreong ito . At naligo na siya at – at nab iga na siya, inunat na niya ang mga paa niya pagkatapos niyang manalangin, at nahiga na siya, ang sabi, "Ay, naku."

51 Ngayon, ma – mai isip ba ninyo na magagawa ni Abraham ang gayong uri ng panlalansi? Isang lalaking magsasalita ng gayon sa kaniyang asawa? Kundi ba naman siya duwag. Ginawa iyon ni Abraham. Hayun siya, nakaupo siya roon ngayon, matapos niyang gawin ang ganoon.

Pansinin. At si Abimelech, noong gabing iyon ay nagpakita ang Panginoon sa kaniya sa isang panaginip at nagsabi, "Ituring mong patay ka na." Ang sabi, "Kinuha mo ang asawa ng ibang lalaki."

Ang sabi niya, "Panginoon, alam mo ang kal in isan ng aking puso." Ang sabi, "A – ako'y . . . Ang sabi kasi niya sa akin ay ka — kapatid niya ang lalaking iyon, at ang sabi naman niya ay kapatid niya ang babaeng iyon."

Ang sabi Niya. "Batid ko ang kalinisan ng iyong puso. Kaya nga hindi Ko pinayagang maakasala ka laban sa Akin." Kita n'yo? Ang sabi, "Siya ay Aking propeta. Hindi ko diringgin ang iyong mga panalangin. Isauli mo sa kaniya ang kaniyang asawa, at hayaaan mong idalangin ka niya. Kung hindi ay tapos na ang buo mong sambayanan; bawat bahay-bata ay masasarhan."

52 Isipin n'yo iyan. Iran nga ang sinabi Niya. At mabuting tao si Abimelech at may takot siya sa Diyos. Opo. Ngunit nakikita ba ninyo kung ano'ng nagagawa na, biyaya ng Diyos? Naroo't nakaupo ang Kaniyang propeta na nagpamigay ng Kaniyang asawa upang makasal sa ibang lalaki, habang bin ihintay niya ang pangakong anak, at iba pang mga bagay na tulad nito, at ang biyaya ng Diyos ay nananatili sa Salitang iyan, anuman iyon. Tama. "Ang asawa niya ay Aking propeta, at hindi ko pakikinggan ang iyong panalangin. Kahit aaano ka pa katuwid, o gaano ka man kabuti, at gaano ka man katalino, malibana ipanalangin ka niya, patay ka na."

Kaya't isinauli nga niya si Sarah. Ay, naku. At dumating si Isaac sa eksena.

53 Ngayon, sa pagtatapos, madaliin natin, nais kong dumako sa isang bagay. Dumating si Isaac sa eksena, at natupad ang pangako.

Ngayon, matapos dumating ni Isaac, isang maliit na bata, naging dose anyos siya, at iba pa, pinangalawahan ng Diyos ang pagsubok ni Abraham. Pagkatapos Niya siyang subukin sa loob ng dalawampu't limang taon, pinangalawahan Niya ang pagsubok. Ngayon, ang sabi Niya, "Abraham, nais Kong dalhin mo ang anak mong ito, ang bugtong mong anak, at dalhin mo siya roon sa bundok na ipapakita ko sa iyo sa pangitain. At nais Kong dalhin mo siya roon at gawin mo siyang handog."

54 At ang sabi niya . . . Hindi niya magawang – hindi siya tumaggi. Bumangon siya kinabukasan matapos siyang kausapin ng Panginoon, sinapnan niya ang mga mola, at kumuha siya ng mga panggatong at iba pang bagay at isinakay niya iyon, at humayo na siya kasama ang mga mola. Tatlong araw siyang naglakbay . At nang . . . Hindi pa kasi de gasolina ang mga paa ng mga tao noon, di tulad ngayon. At kayana lakarin ng karaniwang tao ang dalawampu't limang milva sa isang araw. Kita n'yo? Saan siya nakarating sa kagubatang iyon?



binhing reyna. Amen. Oh, kung makikita lang sana ninyo. Alalahanin ninyo, ano nga ba iyon? Ito'y ang pagbubuklod ng laman at espiritu, nagiging isa.

67 Tingnan n'yo. Sa Mateo, kabanatang 3, narito ang laman, iniluwal ng birheng anak ng Diyos, parating Siya. palabas ng bayan, lumalakad Siyang papalapit kay Juan Bautista. At naroon siya't nakalusong siya sa tubig. Sinabi ng Biblia na ang Salita ng Panginoon ay laging dumarating sa propeta. Tama ba? At si Juan ay isang propeta. Hindi pa sila nagkaroon ng propeta sa loob ng nakalipas na daan-daang, taon, ngunit heto siya, isang propeta, nakatayo siya roon. At nanghuhula siya na darating si Jesus. Matagal na siyang naroon sa ilang, at ang sabi niya ay may nakita siyang tanda. Sinabi ng Diyos sa kaniya na susunod ang tandang iyon sa Mesiyas kapag dumating na Siya.

Ang sabi niya, "Nakatayo Siya sa inyong kalagitnaan. May Isang nakatayo ngayon sa inyong kalagitnaan at hindi ako karapat-dapat na magkalas ng sintas ng Kaniyang panyapak. Maipamamalas Siya isa sa mga araw na ito. At kung maipamalas na Siya, bababa na ako at dadakila naman Siya." At nang tumingin siya ay nakita nga niya ang tandang iyon. Ang sabi niya, "Hayan na Siya. Narito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."

68 Ang matandang mangangaral na Baptist, si Dr. Davis, na siyang nagbautismo sa akin sa fellowship ng iglesiang Baptist, pinag-usapan naming iyan nung minsan. Ang sabi niya, "Alam mo ba kung ano'ng nangyari roon, Billy?"

At ang sabi ko, "Hindi po, Doctor."

At ang sabi niya, "Ganito ang nangyari. Hindi pa kasi nababautismuhan si Juan." Aniya, "Binautismuhan ni Juan si Jesus, pagkatapos ay binautismuhan naman ni Jesus si Juan."

Ang sabi ko, "Hindi ko alam ang tungkol diyan." Kaya't lagi kong idinadalangin ang tuhgkol dito. Isang gabi sa isang pangitain, ganito pala ang nangyari. Kita n'yo? Hindi niya ... Hindi niya ... Hindi binautismuhan ni Jesus si Juan. Ngunit masdan n'yo. Ang sabi niya, "Ako ang kailangang bautismuhan Mo, at bakit Ka naparito sa akin?"

Sinabi ni Jesus, "Hayaan mong mangyari ito." Masdan n'yo ang dalawang mga matang iyon, ang dalawang pangunahing lalaki sa ibabaw ng lupa. Naroon ang Diyos. Narito naman ang Kaniyang propeta. At ang Salita ay dumating sa propeta. Kung ang Sal ita ay nasa laman, tutungo iyon sa propeta. Kahit pa nasaan iyon, tutungo Iyon sa Propeta. Kailangang magkagayon. Sinabi kasi ng Biblia. Hindi. At heto na't dumarating...

69 Siya ang Salita. Sa pasimula ay ang Salita. At ang Salita ay nagkatawa ng tao at nanahang kasama natin. At heto't paparating na ang Salita sa propeta,

Pinagsabay nila ang kaarawan ng Anak ng Diyos at ng anak na araw, pinaglahok ang Cristianismo sa paganismo. Ginawa nilang Disyembre... Hindi maaaring mangyaring ipanganak Siya ng Disyembre 25. Aba, punungpuno ng niyebe ang kabundukan doon sa Judea. Ipinanaganak Siyang tu lad ng lahat ng tupa. Ipinanaganak Siya sa panahon ng tagsibol. At kailangan niyang isilang sa ilalim ng tandang tupang lalaki, sapagkat isa Siyang Tupang Lalaki. At ang Tupang Lalaki ay Abril. Iyon nga. Isinilang Siya sa ilalim ng tanda ng tupang lalaki (ram). Iyon kasi Siya. Siya ang Tupang Lalaki ng Diyos. Siya ang pumal it kay Isaac. Amen. Hindi ba ninyo nakikita?

64 Hayun, malinaw na ipinakikita rito na ang makaharing binhing nobya ay hindi tatawagin ng babae, ng iglesia, ng makadenominasyong babaeng kambing na hairs. Hindi, kundi Siya ang tatawag sa kaniya, ang naipamalas na Salitang Tupang Lalaki, sapagkat Siya ang Salita at ang Tupang Lalaki ….?...Hindi siya tinawag, ang sabi Niya, hindi siya tinawag sa kaniyang pangalan, kundi sa Kaniyang Pangalan. Kukuha Siya ng isang bayan mu la sa mga Hentil, hindi para sa pangalan ng babae, ng iglesia: hindi babae, kundi Lalaki. Aleluia.

65 Makikita ito rig makaharing binhi. Hindi ba ninyo nakikita ang kaganapan ng Malakias 4, ibabalik sa orihinal na pananampalataya: ang Salita ng Diyos? Tiyak namang nakikita ninyo iyan. Hindi na natin kailangang linawin pa ito nang higit. Bitiwan na ninyo ang denominasyong iyan, mga kalalakihan. Magsibalik kayo sa Salitang iyan. At ang tinig ng huling araw, at ang tanda ng huling araw, ang siyang magpapabalik sa mga tao sa orihinal na pananampalataya. Sinabi iyan ng Malakias 4. Pabalik sa Salita, at Siya ang Salita: hindi ang babae: ang Lalaki. Amen. Ang Pangalan ng Panginoong Jesus .. .

66 Ang nabindikang Salita ngayon sa pamamagitan ng pangako ... Ang Salitang nangako ng San Juan 14:12, "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Malakias 4, ganiyan din ang sinabi Niya riyan . . . Gayon din, sinabi sa atin ng Lucas 17, ang magiging kalagayan ng sanlibutan ay maipapamalas na katulad na katulad ng sa kaarawan ng Sodoma, at mananaog ang Diyos na nahayag sa laman ng tao at malalaman Niya ang mga lihim ng puso ng tao. Sinabi ni Jesus ang bagay na iyon na magaganap sa mga araw kung kailan ang Anak ng tao ay maihahayag sa wakas ng sanlibutan.

Kitan'yo, hindi ang iglesia, "Sumapi kayo rito, sumapi kayo roon." Kundi lumapit kayo sa Kaniya. Lyon ang taglay ng binhi ni Abraham batay sa hinaing handog. Sa halip ng kaniyang litiral na binhi, paano naman ang kaniyang espirituwal na binhi (Amen.), ang kaniyang makaharing binhi, ang



At ang sabi niya, "Maghintay kayo rito." Ito ang gusto ko kay Abraham. Sinabi niya sa alip in niya, aniya, "Maghintay ka rito kasama ng mga mola, at ako at ang aking anak ay aahon doon upang, sumamba; at babalik kami."

Paanong mangyayari iyon, samantalang kaya nga siya pupunta roon ay upang patayin siya? Sinabi ng Diyos sa kaniya, ang sabi, "Umahon ka roon at kitlin mo ang buhay niya."

55 Ngunit ano ba ang sabi ng Biblia sa Roma 4? "Alam ni Abraham na tinanggap niya siya na tulad sa isang nagbangon mula sa mga patay, at lubos siyang napaniwala na kaya siyang buhayin ng Diyos mula sa mga patay, kung saan ay tinanggap niya siya bilang paglalarawan."

Ang sabi niya, "Maghintay ka rito."

Paanong mangyayari iyon? Hindi ko masabi sa inyo. Maiisip mo ba iyon, sister, na may kargang bata sa iyong bisig, at ang nanay na nakaupo sa wheelchair, ang batang lalaking iyan, sa gawing ito, tatay? Hindi ko alam kung paano niyang magagawa iyon. Sadyang hindi ko alam kung paano niyang magagawa, ngunit gagawin nga Niya sapagkat ipinangako Niyang tutuparin Niya iyon kung sasampalataya ka. Ginagawa Niya ito sa iba. Kita n'yo?

56 "Ang anak kong lalaki at ako . Ang bata at ako ay magbabalik." Kita n'yo? "Maghintay ka rito, at paroroon kami upang sumamba." At ipinapasan niya sa batang si Isaac ang kahoy na panggatong, katipo ng pagpasan ni Cristo ng Kaniyang krus. Pagdating nila sa tuktok ng bundok, medyo nagsuspetsa si Isaac.

At ang sabi niya, "Ama . . ."

Ang sabi niya, "Narito ako, anak ko."

Ang sabi niya, "Aba, narito ang altar; heto ang apoy; narito ang kahoy; ngunit nasaan ang handog na kordero?"

Pakinggan ninyo ang mga sal itang ito ngayon, na namutawi sa mga labi ni Abraham. "Anak, maghahanda ang Diyos para sa Kaniyang Sarili ng kordero bilang handog." Ibig sabihin, ang hinandang handog ng Diyos: Jehoyah-jireh, naghanda ng kordero ang Panginoon. At nang magapos na niya ang kaniyang mga kamay, at nang ihiga niya siya sa — sa altar .. .

57 Isip-isipin lang ninyo kung anong pagkakataon iyon, pagkatapos niyang maghintay ng dalawampu't limang taon, at gumawa ang Diyos — pinasisira ng Diyos sa kaniya ang tanging bagay na ipinatotoo niya sa boob ng maraming taon. Naging kahiya-hiya siya sa mga tao, pinagtatawanan nila siya. At heto ang Diyos at ang sabi, "Wasakin mo ang bagay na siyang makapagbibigay sa iyo ng tanging pag-asa kung nais mong matupad ang ang

Salita Ko sa iyo. Ibinibigay Ko sa iyo ang bata. Lab ingdalawang taong gulang na siya; nakilala siya ng lahat, ginawa pa rin kitang ama ng mga bansa, ngunit humayo ka at patayin mo ang anak mo." Maiisip ba ninyo iyan? Ipinakikita lang sa atin ng Diyos, kahit ano pa ang sabihin ninuman, o anumang bagay na sasalungat sa Salita, huwag ninyo itong titingnan. Paniniwalaan iyan ng tunay na binhi ni Abraham.

58 "Wasakin mo ang anak mong iyan." At pinahiga siya ni Abraham doon. Isipin mo — hinawi niya ang kulot niyang buhok at hinawi niya iyon sa kaniyang mukha, at ang mumunti niyang kulay kapeng mata ay nakatinging gano'n, at nanginginig ang munti niyang mga labi, nakikita niya ang malaki't matalas na punyal na hinugot ng ama mula sa lsipin n'yo ang isang ama. Inihimlay niya ang kaniyang ulo, at pinausli ang kaniyang leeg upang masaksak niya ang kaniyang lalamunan sa pamamagitan ng kaniyang punyal, alang-alang sa pagsunod niya sa Diyos.

Kahit ano pa ang hitsura nito, ang sabi niya, "Tinanggap ko siyang tulad sa isang nagbangon mula sa mga patay; magagawa rin ng Diyos ang buhayin siya." Itinaas niya ang punyal at umakrna na siya, at pinigilan ng Espiritu Santo ang kaniyang kamay.

Ang sabi Niya, "Abraham, Abraham." Aniya, "Narito ako."

Ang sabi Niya, "Pigilin mo ang iyong kamay." Ang sabi, "Ngayo'y alam Ko na na mahal mo Ako at nagtitiwala ka sa Akin, dahil ni hindi ka — handa mong ibigay ang — ang — ang bugtong mong anak."

59 At sa sandali ring iyon ay may biglang lumitaw na isang lalaking tupa na ang sungay ay nasabit doon sa kagubatan sa likuran niya. Nais ko kayong tanungin, mga brother, mga sister. Saan nanggaling ang lalaking tupang iyon? Tingnan n'yo, naroon kayo't tatlong araw ang nilakbay n'yo mula sa sibilisasyon tungo sa kagubatan, kung saan ay may mga leon, mga lobo, at lahat ng uri ng mababangis na anong gubat, at mga hayop, at mga bagaybagay na naroroon, na kaagad na papaslang sa lalaking tupang iyon. At tingnan n'yo, naroon siya sa pinakatuktok ng bundok kung saan ay walang tubig. At namulot siya ng mga bato sa pal igid at binuo niya ang altar, at wala roon ang lalaking tupang iyon. Ngunit nang mangailangan ang Diyos ng lalaking tupa, bigla iyong lumitaw. At hindi iyon pangitain; sinaksak niya iyon ng punyal at nagdugo iyon. Namatay iyon.

60 Sinalita ng Diyos at bigla na iyong lumitaw sa sandali ring iyon, at kinitil kaagad iyon ni Abraham sa kasunod na sandali. Kita n'yo? Jehovah-jireh, maglalaan ang Diyos para sa Sarili Niya ng isang kordero. Ang .. . Imposibleng naroon ang lalaking tupang iyon. Kung may nakakaalam tungkol



sa tupang nasa loob ng kagubatan. sa ganoong ilang, at naroong lahat ang mga mababangis na hayop at mga masisibang hayop na naroon, patay agad ang lalaking tupang iyon. Hindi maaaring naroon na iyon. At dito sa tuktok ng bundok, kung saan ay, walana tubig, v.alang damo, o anumang bagay doon sa itaas . . . At wala iyon doon ilang sandali pa lamang bago iyon. At sa sandal ing kailanganin na ng Diyos ang lalaking tupa. bigla na lang iyong lumitaw. Pinalitaw iyon ng Kaniyang pagsasalita.

61 Tu lad ito ng pagpapakita Niya sa kaniya roon: si Elohim. Kinailangan Niya ng isang katawan upang makababa Siya sa lupa, kaya't tinipon Niya ang mga cosmic light, at ang mga petroleum, at iba pa, at siyang pinasukan Niya. Kita n'yo, Diyos Siya. lyan ang gagawin Niya. Kapag ikaw ay isang kutsarang abo na lamang sa alabok ng lupa, makapangungusap pa rin Siya, at paroroon ka. Tatawagin niya ang pangalan mo at tutugon ka: ang binhi ni Abraham. Anong . . . Ang pangakong iyon ay natupad...

62 Pansinin n'yo, isa iyong tupang lalaki. Ngayon, kung makapagtatagal pa sana kayo ng isang minuto pa, nais kong ipaliwanag ito. Alam n'yo, nung isang gabi ay nilaktawan ko ito. Ni hindi ko nga ito ipinaliwanag sa aking iglesia. At naaalala ba ninyo nang pagtibayin Niya ang hain, nang pagtibayin niya ang tupang iyon sa kaniya? Kumuha siya ng babaeng kambing, kumuha siya ng inahing baka, babaeng baka, at hinapak niya ang mga iyon sa dalawa, at kumuha siya ng tupang lalaki. Ngayon, alalahanin, nang ang makaharing binhi ng kaniyang pananampalataya . . . Alalahanin n'yo, hindi iyon babae, isa iyong lalaki. Lalaki iyon; natupad ang pangako. Pansinin n'yo, isang tupang lalaki: lalaki, lalaki, upang makatagpo ang Salita. Siya ang Salita, ang Lalaking Tupang iyon, hindi babae; ang mga iyon muna ang unang inalay, tandaan n'yo, sa Genesis 15. Ang babae, sila ang naunang hinain. Pagkatapos ay saka siya kumuha ng lalaking tupa. Panghuli ang tupang lalaki. Ang lalaki, ang Tupang Lalaki, ang hinandang Salita. Hindi ang babaeng kambing, ang organisasyon, ang iglesia, kundi ang lalaki, ang tupang lalaki. Amen.

63 Iyan ang dahilan kung bakit ipinanganak Siya ng Abril, at hindi Disyembre gaya ng sinasabi ng Iglesiang Romano na siyang araw ng kapanganakan ng diyos na araw, at doon nila itinapat ang araw ng kapanganakan Niya sa ikadalawampu't lima ng Disyembre, kung kailan idinaraos ang mga sirkus. Kung kukunin mo ang — ang — ang — kung pag-aaralan mo ang kasaysayan ng iglesia ay mauunawaan mo kung bakit itinaon nila iyon doon upang gawing . . . Araw iyon ng kapanganakan ng diyos na araw, ang solar, nang halos ay tumigi I iyon ng lubusan. Walang nangyaring pagbabago sa loob ng limang araw, mula Disyembre 21 hangggang 25.